MATANGLAWIN

OPISYAL NA PAHAYAGANG PANGMAG-AARAL NG PAMANTASANG ATENEO DE MANILA



MABUHAY

ANG MABUHAY NANG DAHIL SA'YO? | TOMO 48 BLG. 1

Love the Philippines?
Inuutusan kaming mahalin ang aming bansa?
Marketing tactic para bumisita ang banyaga!
Pilit ang ngiti, bawal ang umiyak,
kahit puso'y sawi, buhay ay 'di tiyak.

Love the Philippines.
Pero minahal ba kami ng naghahari sa bansa?
Ang aming katawan ang pangunahing benta.
Import-quality sa mukha namin nakatatak.
Kapalit 'di kailanman ginto kundi piso, pekeng pilak.

Love the Philippines...
Pero bakit ganito ang kinahinatnan?
Pamilya'y niloko, ginantso, watak-watak.
Kasamaan ang natamasa kahit ang inalay ay busilak.

Love the Philippines...daw?
Pero kaming maliliit ang laging kawawa!
Buhay pinapapatay, nakahandusay sa kalsada.
Basag ang bungo, katawan ay wasak,
binaril, ginahasa, tadtad pa ng saksak.

Love the Philippines
Ngunit mahal ang magmahal.
Sa presyo ng bilihin kanino kami sasandal?
Kapit patalim, kaming maliliit sinisindak!
Ang buhay lalo na ng mga nabalo, papunta lamang ba
sa pagkawasak?

Love the Philippines
Bigas, gulay, pananim ay import galing ibang bansa
Ninakaw, lupang ninuno, pati pagtataniman na lupa
Tinakot, dinahas, pinatay, ang karit sa'min nakatarak
Alipin noon, alipin ngayon, alipin buong buhay dahil
sinisindak!

JLOVE RIVERA



TALAAN NG NILALAMAN

I
OFFICIALLY, THE ATENEO: ANG IMPERYALISTANG PAGKILALA SA AKADEMYA
SULAT NI: NATHANIEL DEL FIERRO
DISENYO NI: ZANTI GAYARES

III
SAAN AABOT ANG 1000 MO?
SULAT NI: DIANNE RAMOS
DISENYO NI: REINE BRIOSO


V
ANG MAHABANG BIYAHE TUNGO SA LIGTAS AT MAGINHAWANG TRANSPORTASYON
SULAT NI: LANCE AREVADA
DISENYO NI: ZANTI GAYARES

VII
HINAHANAP-HANAP KITA
SULAT NI: CHARLES PEREZ
DISENYO NI: REINE BRIOSO

1
KUMUSTA ANG KALAYAAN SA "BAGONG PILIPINAS"
SULAT NI: KURT BRANDON BAUTISTA AT NATHAN MERCADO
DISENYO NI: JOSHUA ALLAUIGAN | SINING NI: BEA CATUNGAL


5
DEPED KURIKULUM: PARA KANINO ANG PAGBABAGO?

SULAT NI: CASSANDRA CERVERA AT KEILAH NATO
DISENYO NI: JUSTINE EVORA | SINING NI: JOHN JAKOB SEMILLA




9
BAGONG PILIPINAS, LUMANG MUKHA

SULAT NI: ALEXANDRA KAYE NOBLE AT
ALEXANDREA KATE NOBLE
DISENYO NI: CZRILLE JAINE CANONIGO




13
ISANG LIBO'T ISANG TUKA

SULAT NI: JADE GAMBOA AT ERYN VELASCO
DISENYO NI: PSALMA GAITE |
SINING NI: JOHN JAKOB SEMILLA



17
BKLNG NAMAN: HINGGIL SA BAKLA, BATAS AT LIPUNAN

SULAT NI: MARIELLA JOY GERELINGO
DISENYO NI: ALLANA BONCAVIL | SINING NI: BEA FRAGO



21
BYAHENG PINOY: PAANO NA DUMADALOY

SULAT NI: JUDD BANAS AT FRANCELEN MOLOD
DISENYO NI: NEIL OCAMPO | SINING NI: REINE BRIOSO





MULA SA PATNUGUTAN

MABUHAY—isang katagang kadalasang gumugunita sa saya at galak dulot ng pagdating ng mga dumadayo o nagbabalik. Ang katagang ito ay ang unang bumubungad sa mga paparating na pasahero, mga balikbayan, at mga turista sa ating bansa. Samakatuwid, mahihinuha natin ang kahalagahan ng salitang ito: naka-ugat ang "mabuhay" sa ating mabuting pakikitungo sa kapwa-Pilipino at iba pang lahi. Sa pagiging isang bansang nakatuon sa turismo at industriyang panserbisyo, hindi natin maipagkakaila na malaking bahagi ng trabaho ng maraming Pilipino ay ang paglingkuran at pagsilbihan ang iba, lalo pa't ang isa sa pinakamalaking iniluluwas na produkto ng bansa ay ang lakas-paggawa. Ngunit, nararapat nating alalahanin ang mga panganib ng abuso at pananamantala ng mga naglalakihang puwersa, dayuhan man o hindi. Sa gayon, masasabi ba nating madali pang isabuhay ang katagang ito?

Sa panahong nananaig ang mga mapaniil at mapang-aping puwersa sa sarili nating bansa, ang mabuhay ay nagiging pawang pribilehiyo na lamang para sa atin. Ang mabuhay nang hindi kailangang alalahanin ang pera, pagkain, o trabaho ay nakabatay na lamang sa kung sino ang may sapat na kakayahan, oportunidad, at kapangyarihan. Ang mabuhay nang hindi natatakot para sa mga susunod na araw ay para na lamang sa mga may kapit sa malalakas na puwersa o naghaharing-uri, dahil sa lantarang karahasan ng estado na walang sini-sinoman. Ang mabuhay ay nagiging iisang pagkakataon na lamang para sa bawat isa na mapabuti ang kalagayan ng kaniyang sarili, pamilya, at komunidad. Kapag atin nang nagamit ang pagkakataong ito, hindi na ito mababalik pa.

Napakamahal mabuhay at mahalin ang isang bansa na ang turing ng mga naghahari-harian sa nakararami, lalong-lalo na ang mga marhinalisado at nasa laylayan, ay hindi kamahal-mahal. Sa gitna ng pagtaguyod ng mga kampanyang pilit na ikinukubli o itinatago ang totoong estado ng bansa, mapapagtanto nating nakataya na ang ating buhay sa ating pagtindig laban sa katiwalian o pagkilos para sa mabuti. Gayunpaman, marami pa rin ang nagaganyak na ipagpatuloy ang kanilang pakikibaka batay sa ating pakikipagkapwa sa mga Pilipino—ang ugat ng ating mabuting pakikitungo at serbisyo.

Ang pagtanaw at pagtugon sa iba't ibang isyung panlipunan na nararanasan ng bansa ay hindi isang madaling gawain. Mahalagang galugarin ang bansa hanggang sa kaibuturan nito upang malaman ang tunay na kalagayan ng isang bansang balot ng mga pananaw at perspektibong inimpluwensiyahan ng mga mapanlinlang na puwersa. Nang dahil dito, magugunita natin ang samu't saring kuwento ng mga Pilipinong nakagapos sa mga tanikala ng kahirapan, pang-aapi, at karahasan—mga Pilipinong kumakayod para sa kanilang mga pangarap at para sa susunod pang mga henerasyon.
Ang ating paglalakbay para makamtan ang katotohanang magpapalaya sa atin ay maaaring maging mailap sa unang tingin, ngunit nararapat nating alalahanin ang pakikibaka ng Pilipino—ang mabuhay nang dahil sa pag-asang maiaangat pa ang estado ng bansa, mabibigyang-hustisya ang inapi't ipinatahimik, at mapalalakas ang boses ng mayorya laban sa mga naghaharing-uri.

Mabuhay! Nagagalak kami sa inyong pagdating. Pasan mo ang isang bagong lakbayin—ang mamulat at magpamulat sa katotohanang pilit na pinagtatakpan ng marami sa imahe ng isang bagong lipunan, isang bagong Pilipinas. Halina't buhayin natin ang ating kuwento—ang kuwento ng malayang Pilipino.

PATNUGUTAN
AT MGA KONTRIBUTOR

CHRISTIAN F. DASALLA
Punong Patnugot

LUIS MIGUEL B. CHANGCO
Katuwang na Patnugot

LANCE B. AREVADA
Nangangasiwang Patnugot

MARY THERESE L. CATAPANG
Ingat-Yaman

NATHANEIL LYLE E. DEL FIERRO
Patnugot ng Sulatin at Saliksikan

ALFRED ANTON M. ABUEG
MA. FRANCELEN ROSE V. MOLOD
LIZZIE ANNIKA I. MONTEMAYOR
Mga Katuwang na Patnugot ng Sulatin at Saliksikan

REINE CHRISTINE S. BRIOSO
Patnugot ng Sining

DANICA CHLOE D. PARIAN
Katuwang na Patnugot ng Sining

CHRISTIANNEIL EMMANUEL D.Y. OCAMPO
Patnugot ng Disenyo

ZANTI ALFONZO C. GAYARES
Katuwang na Patnugot ng Disenyo

CHARLES EDMON S. PEREZ
Tagapamahala ng Social Media

JERICHO ARJUN M. PLOMANTES
JENNERY HELOISE S. VELASCO
Mga Katuwang na Tagapamahala ng Social Media

DIANNE MARIE R. RAMOS
Tagapamahala ng Proyekto

MA. ANNE JADE R. GAMBOA
KIM ANGELO P. UMAYAM
Mga Katuwang na Tagapamahala ng Proyekto

VERKYLE ANGELO R. REYES
Tagapamahala ng Pandayan

RHENZY ANTOINETTE A. URMENETA
Katuwang na Tagapamahala ng Pandayan

MGA MANUNULAT

Lance B. Arevada,
Judd Christian F. Banas,
Kurt Brandon L. Bautista,
Cassandra Beatriz V. Cervera,
Nathaniel Lyle E. Del Fierro,
Ma. Anne Jade R. Gamboa,
Mariella Joy A. Gerelingo,
Nathan Joshua M. Mercado,
Ma. Francelen Rose V. Molod,
Keilah Nyzel Isaiah A. Nato,
Alexandra Kaye L. Noble,
Alexandrea Kate L. Noble,
Charles Edmon S. Perez,
Dianne Marie R. Ramos,
Jack Lorenz A. Rivera,
Jennery Heloise S. Velasco

MGA TAGALIKHA NG SINING

Reine Christine S. Brioso,
Beatrice Venus M. Catungal,
Leanne Elyssa Beatrice S. Frago,
John Jakob B. Semilla

MGA TAGALIKHA NG DISENYO

Joshua Mikhail T. Allauigan,
Allana Joy V. Boncavil,
Czrille Jaine P. Canonigo,
Justine Anne O. Evora,
Psalma Elise D. Gaite,
Zanti Alfonzo C. Gayares,
Christianneil Emmanuel D.Y. Ocampo

PABALAT

Luis Miguel B. Changco

OP-ED

OFFICIALLY, THE ATENEO:

ANG IMPERYALISTANG PAGKILALA SA AKADEMYA



SULAT NI: **NATHANEIL DEL FIERRO**
DISENYO NI: **ZANTI GAYARES**

Sa kasalukuyan, ang pagkilos ng Kanluran ay kumakatha ng palsipikadong kamalayan na ang pamantayan ng matayog at mahusay na akademya ay makikita sa kanila. Pilit nitong ipinupukol ang pandaigdigang pananaw na dapat tularan ang mga pamantasang kinilala dahil taglay nito ang kinakailangang kalidad ng unibersidad.

Naglabas ang Times Higher Education (THE) ng panibagong world university rankings nitong Setyembre 2023 kung saan tinanghal ang Ateneo de Manila bilang top university sa bansa sa ikalawang pagkakataon. Kabilang ang pamantasan sa 1000-1200 bracket na sinundan ng Unibersidad ng Pilipinas sa 1201-1500. Ayon kay Fr. Roberto "Bobby" Yap, University President, "ito ay patunay na ang trabaho at pagtuturo ng Ateneo ay nakikilala sa isang pandaigdigang pamantayan." Gayunpaman, sa likod ng karangalang ito, dapat bigyang-diin ang kanluraning katangian ng THE bilang pamantayang nilikha ng mga banyaga kung saan iba ang sistema, istruktura, at kultura ng edukasyon kumpara sa konteksto ng mga bansa sa global south.

Ang Times Higher Education ay itinatag ng mga Briton upang itala ang mga nangungunang pamantasan sa daigdig gamit ang limang pamantayan: teaching, research environment, research quality, international outlook, at industry. Nakapaloob sa mga ito ang pag-aanalisa sa learning environment, income, citation impact, reputation, patents, at iba pa ng bawat institusyong kabilang sa ranking. Kung ihahambing ito sa Quacquarelli Symonds (QS) World University Rankings, ang pamantayang itinakda ng parehong organisasyon upang sukatin ang kalidad ng akademya ay halos magkatugma. Ito ang dahilan kung bakit Kanluran ang namamayagpag pagdating sa world rankings. Kung babalikan ang huling tala noong Setyembre, dinomina ang Top 10 ng pitong unibersidad mula Estados Unidos tulad ng Stanford, Harvard at Princeton University habang tatlo ang sa United Kingdom na pinangunahan ng Oxford University. Kung ikukumpara ito sa mga unibersidad sa Timog Silangang Asya gaya ng at Chulalongkorn University sa Thailand at Universiti Teknologi Malaysia, malinaw na mas mababa ang ranggo ng mga nabanggit na napabibilang sa 400-800 bracket.



Ang THE bilang 'evaluating body' ay bumubuo ng pamantayan upang sukatin ang husay, kredibilidad, at tayog ng bawat unibersidad sa daigdig alinsunod sa kanilang konteksto. Hindi nito isinasalaang-alang ang kaibahan ng pamamaraan sa pagtuturo at sistema ng mga pamantasan, partikular yaong gumagamit ng ibang wika maliban sa Ingles. Halimbawa, ang research quality bilang kategorya na sumusukat sa kalidad at kredibilidad ng pananaliksik ay hindi sapat na batayan upang sabihin na mahusay ang unibersidad. Ito ay dahil sa pagkiling ng organisasyon na ibatay ang sanggunian sa journal articles na karaniwang nilimbag ng maimpluwensiyang bansa gaya ng France, United Kingdom, US, at Germany. Sa ganitong gana, hindi nabibigyan ng atensiyon at pagkilala ang mga lokal na kaalaman, partikular ang mga indigenous knowledge mula sa katutubo at mga panlalawigang pananaliksik sapagkat, sa paningin ng THE, maliit ang saklaw ng ganitong pag-aaral at walang malawak na impluwensiya sa akademya. Samakatwid, nakababahala ang pamantayang maka-kanluran dahil nagiging one-scale ang pagsukat sa kapasidad at katayuan ng mga unibersidad. Ikinakahon nito sa limang kategorya ang antas at kalidad ng edukasyon—mga diniktang pamantayan na hindi angkop sa lahat ng konteksto at sistema ng akademikong institusyon sa daigdig. Sanhi nito, nalilimitahan ang mga gawain ng unibersidad dahil pilit inaangkop ang mga aktibidad sa imperyalistang estado ng Amerika at Europa. Ito ay walang pinagkaiba sa panahon ng kolonyalismo kung saan kinontrol ng mga banyagang mananakop ang bansa habang binabali ang kultura't paniniwala ng mga katutubo dahil, sa kanilang punto de bista, ang hatid nilang pamumuhay at tradisyon ang husto at naaayon sa panahon.

Sa kasalukuyan, ang pagkilos ng Kanluran ay kumakatha ng palsipikadong kamalayan na ang pamantayan ng matayog at mahusay na akademya ay makikita sa kanila. Pilit nitong ipinupukol ang pandaigdigang pananaw na dapat tularan ang mga pamantasang kinilala dahil taglay nito ang kinakailangang kalidad ng unibersidad. kalidad ang edukasyon ng mga unibersidad na wala sa listahan at hindi rin nangangahulugang mahusay ang mga napabilang dito sapagkat ang sukatan ay one-scale na pawang kinatha ng mga Kanluraning banyaga.

Kung susuriin ang ganitong perspektiba, ang THE ay hindi lamang baluktot na batayan bagkus ay nagsisilbing lunsaran ng Amerika at Europa upang itaguyod ang kanilang impluwensiya, hindi lamang sa militar at ekonomiya kun'di maging sa akademya. Dahil dito, hindi maaaring sabihin na walang akademya. Dahil dito, hindi maaaring sabihin na walang kalidad ang edukasyon ng mga unibersidad na wala sa listahan at hindi rin nangangahulugang mahusay ang mga napabilang dito sapagkat ang sukatan ay one-scale na pawang kinatha ng mga Kanluraning banyaga.

Ayon kay Dr. Carmel "Melay" Abao, ang kasalukuyang tagapangulo ng Department of Political Science ng Ateneo de Manila, ang sukatan ng isang pamantasan ay hindi lamang umiikot sa mga batayang ginamit ng THE. Kinakailangan nitong tingnan ang mga sumusunod: level of investment in university's human resources, rigor of instruction, research, and public community engagement, at quality of graduates. Sa madaling sabi, hindi angkop at holistiko ang pamantayan ng world university rankings dahil hindi sapat ang pagtingin nito sa mga institusyon at hindi naaayon sa konteksto ng kabuuang estado sa mundo. Sa huli, kritikalidad at masugid na pag-aaral ang dapat taglayin ng Ateneo sa tuwing makatatanggap ng ganitong gantimpala. Ano ang implikasyon ng pagiging magaling na pamantasan kung ito ay umaangkop lamang sa Kanluran? Upang masabi na mahusay ang pamantasan, ang pamantayan ay dapat umayon sa konteksto ng lipunan at makita sa kalagayan at kilos ng mamamayan. Para saan pa ang prestihiyong pagkilala kung patuloy pa ring uhaw sa kalidad na edukasyon ang masa? Para kanino pa ang mataas na ranggo ng unibersidad kung patuloy na lumalaki ang agwat ng karunungan sa lipunan?

Mga Sanggunian:

Abao, C. (2023, July 20). Ateneo is now the number 1 university in the country [Facebook]. https://www.facebook.com/carmel.v.abao.

Ku, R. (2023, September 28). Ateneo remains top PH school in latest Times Higher Education World University Rankings. Rappler. https://www.rappler.com/nation/philippine-schools- times-higher-education-world-university-rankings-2024/.

Times Higher Education. (2023, September 20). World University Rankings 2024: methodology. Times Higher Education (THE). https://www.timeshighereducation.com/world-

SAAN AABOT ANG 1000 MO?

Kung dati ang katagang "saan aabot ang bente pesos mo?" ang nauuso, ngayon sa sobrang mahal ng bilihin ay wala nang gumagamit nito. Ang madalas nang naririnig ay ang "paano mo pinagkakasya ang isang libo sa isang linggo?" o kaya naman ay "*1000 is the new 100.*" At minsa'y mapapatanong na lang kung ito ba ang pinangakong "*Golden Era*" kung tawagin.

Tunay nga namang kung ikukumpara ang nangyayari sa kasalukuyan sa mga nagdaang taon ay hindi maaarok ng isip na ang isang libong piso ngayon ay hindi na sumasapat upang makabili ng mga putaheng nais lutuin para sa isang linggo. Ito ang isa sa mga pinakamabigat na suliraning kinakaharap ngayon ng mamamayang Pilipino sa ilalim ng administrasyong Marcos.

Marami sa netizens ang nagpapahayag ng kani-kanilang mga hinaing at saloobin sa tuloy-tuloy na pagtaas ng presyo ng bilihin. Ang iilan pa nga ay gumagawa ng "*1000 a week challenge*" at ang iba naman ay naglalagay ng litrato kung gaano kakaunti na lamang ang nabibili nila sa isang libong piso, at kung dati ay halos puno, ngayon ay bilang na lamang sa kamay ang mga bagay at pagkain na mabibili mo gamit ito. Marami rin ang nagbabahagi ng kani-kanilang tips para mapagkasya ang isang libo sa isang linggo na humakot ng iba't ibang reaksyon mula sa mga tao sapagkat kahit anong pagtitipid mo ay hindi naman talaga kayang pagkasyahin ang isang libong piso sa isang linggo. Talaga nga namang nakagugulat ang sobrang mahal na bilihin lalo na ang presyo ng bigas, pagkain, at transportasyon na iniinda ngayon ng batayang masa.

Hindi na lingid sa kaalaman ng karamihan ang konsepto ng inflation na, ayon sa International Monetary Fund (IMF), ay ang rate ng pagtaas ng presyo sa isang takdang panahon.



SULAT NI: **DIANNE RAMOS**
DISENYO NI: **REINE BRIOSO**

Sa kasalukuyan, umabot ng 6.1% ang inflation rate ngayong Setyembre na tumaas mula sa 5.3% noong nakaraang Agosto na naging parusa para sa mamamayang Pilipino lalo na't hindi naman natutumbasan ng pagtaas ng minimum na sahod ang pagtaas ng presyo ng bilihin. Ayon sa IBON Foundation, nitong nakaraan lamang inaprubahan na ang pagtaas ng nominal minimum wage sa iilan lamang na rehiyon sa bansa. Sa National Capital Region (NCR) idineklarang Php 610 na 'di hamak pa ring mas mababa sa family living wage (FLW) na Php 1,186. Ganito rin ang sitwasyon sa iba pang mga rehiyon kaya't talagang halos bumagsak ang purchasing power ng mga Pilipino. Kaya kung dati-rati ay makakabili ka na ng sandamakmak sa isang libong piso, ngayon ay ibang-iba na ang sitwasyon—hindi na ito sumasapat sa pangangailangan sa isang linggo lalo na sa mga may malalaking pamilya.

Ayon din sa IBON, simula noong nakaraang taon, tatlong kwarter na sunod-sunod naging mabagal ang pag-usad ng GDP na siyang dahilan ng pagbagsak ng ekonomiya. Sa panahon ding ito ay hindi humihinto ang paggalaw ng presyo ng gasolina na siya namang nagdudulot ng pagtaas ng halos lahat ng bilihin. Hanggang ngayon ay wala pang nailalahad na solusyon ang administrasyong Marcos ukol sa hirap na dinadala ng sambayanan. Wala man lang pagtaas ng sahod na sasapat sa pantustos sa araw-araw at ayuda para sa mga pamilyang mahihirap upang matulungan silang maitawid ang araw-araw. Giit pa nga ni Marcos sa isang panayam noong nakaraang taon ay hindi siya naniniwala sa datos na inilabas ng Philippine Statistics Authority (PSA). Ang ganitong pagbubulag-bulagan ni Marcos ay sumasalamin lamang sa kung gaano kababaw ang kaniyang pakialam sa nararanasang paghihirap ng sambayanang Pilipino.

Hanggang ngayon, tuloy-tuloy pa rin ang pagtaas ng bilihin na ikinaaaray na ng karamihan. Sabay pa nito, itinaya din ng Pulse Asia na kalahati ng Pilipino ang nagsasabing hindi sila nasisiyahan sa kasalukuyang administrasyon. Tunay ngang marami ang galit at malungkot sa nangyayari lalo na at napakahirap humanap ng pantustos ng pangangailangan sa araw-araw. Marami na rin ang nagugutom habang ang mga nasa pwesto ay nagpapakasasa sa kanilang kapangyarihan at nilulustay ang kaban ng bayan. Hangga't pabaya at walang awa ang mga nakaluklok ay magugutom at maghihirap ang mamamayang Pilipino.

Mga Sanggunian:

IBON Foundation. (2023). Three straight quarters slowdown confirms economic decline. https://www.ibon.org/three-straight-quarters-slowdown-confirms-economic-decline./
International Monetary Fund. (2020). Inflation: Prices on the rise. https://www.imf.org/en/Publications/fandd/issues/Series/Back-to-Basics/Inflation.
Royandoyan, R. (2022). 'We are not that high': Marcos disagrees with PSA's inflation report. https://www.philstar.com/business/2022/07/05/2193260/we-are-not-high-marcos-disagrees-psas-inflation-report.

OP-ED

ANG MAHABANG BIYAHE TRANSPORTASYON



tungo sa ligtas at maginhawang



SULAT NI: **LANCE AREVADA**
DISENYO NI: **ZANTI GAYARES**

Isang laro ng patintero ang kailangang pagdaanan sa paglalakad sa kahabaan ng Katipunan. Kailangang lagpasan ang mga sasakyang nakaparada kung saan-saan, hakbangan ang mga daang bako-bako o may nakatenggang hukay, at makipagsiksikan sa kakarampot na espasyong inaangkin ng mga ginagawang gusali. Kumpara sa luwag ng kalsada para sa mga sasakyan, ipit na ipit naman ang pangkaraniwang komyuter na kailangang pasanin ang ganitong sitwasyon. Gayunpaman, hindi lamang sa Katipunan nararanasan ang ganitong eksena–libo-libong mananakay araw-araw ang kailangang magtiis sa ganitong klase ng transportasyon. Kaya't mula pa lang sa espasyo ng ating daanan at sa karanasan ng karamihan, patuloy na nangibabaw ang isang sistematikong krisis pangtransportasyon sa bansa, kung saan mga sasakyan ang mas pinapaboran.

Kadalasang nagsisimula ang araw ng Pilipinong komyuter sa sobrang agang paggising para makasakay agad at nagtatapos sa dis-oras ng gabing paghihintay nang masasakyan. Bawat minuto ay binibilang dahil kung mahuli man siya nang ilang saglit, paniguradong hindi na siya makakapasok sa tamang oras at maaari pang kaltasan ang kakarampot niyang sinasahod. Ngunit, kahit makasakay siya nang maaga, tatambad naman sa kanya ang problema sa mga tren at bus na tila sardinas sa siksikan at mga kalsadang kapag inulan ay hanggang binti agad ang baha. Sa Metro Manila pa lamang, nasa higit 241 oras sa trapik kada taon ang nagagasta sa Pilipinong komyuter, ayon sa 2022 Tomtom Traffic Index. Pera, oras, at pagod ang nasasayang sa bawat isang Pilipino na pagko-commute lamang ang tanging pamamaraan para makapasok at magpatuloy sa kanyang buhay. Ngunit sa kabila nito, wala nang itnitirang dignidad sa paggamit ng pampublikong transportasyon.

Minsan nang itinanggi ng pamahalaan ang pagkakaroon ng krisis sa transportasyon ng bansa. Subalit sa kabila ng mga naglalakihang proyekto nito sa mga bagong linya ng tren, kagaya ng North-South Commuter Railway (NSCR) at Metro Manila Subway (MMS), kulang pa rin ang kasalukuyang hanay ng mga tren sa apat na pangunahing riles sa Maynila at hindi pa nito natutugunan ang hiling ng mga komyuter na pahabain ang takbo ng operasyon nito. Patuloy rin ang sunod-sunod na tigil-pasada sa hanay ng mga jeepney driver sa kabila ng nakaambang patayguhit ng palpak na PUV Modernization Program (PUVMP). Tumaas na rin ang pamasahe sa pagsakay sa tren, na sinundan naman ng panibagong taas-pasahe ng LTFRB sa P13 at P15 sa traditional at modern jeepney. Sa Bagong Pilipinas ni Marcos Jr., mas mauuna pa atang maging P20 ang pamasahe habang sama-sama tayong malulugmok sa ganitong kalagayan.

Samantala, ikinadismaya ng grupong Move As One Coalition ang kawalan ng prayoridad sa mga komyuter at siklista sa panukalang badyet sa 2024. Dahil bagama dumoble na ang badyet ng DOTr mula P106 bilyon ngayon sa P214.3 bilyon sa susunod na taon, hindi pa rin nito nagawang unahin ang mas agarang pangangailangan ng mga mananakay. Ayon kay Robert Siy Jr., co-convener ng Move As One Coalition, walang makabuluhang pondong inilaan sa pagpapabuti ng active transport kabilang ang paglalakad at pagbibisikleta para sa 94% ng mga Pilipinong walang pribadong sasakyan. Sa paningin ng DOTr, tren ang pangunahing solusyon sa krisis pangtransportasyon. Subalit, makakapaghintay pa ba ng ilan pang taon para rito kung patuloy namang delikado ang mga kalsada para sa nakararami?

Mula Katipunan hanggang sa iba't ibang dako ng bansa, kailangan nang umarangkada ang biyahe patungo sa mas maayos na pampublikong transportasyon. Tama na ang mga sasakyan, tao at komyuter naman ang unahin. Kinakailangan ng higit pang mga programa sa active transport at imprastraktura para sa mga pedestrian habang hinihintay ang pagbubukas ng mga tren. Samantala, maaari tayong makibahagi sa pagsulong sa adbokasiyang ito sa pamamagitan ng pagsama sa mga grupong tulad ng Move As One Coalition at ang bagong-tayong organisasyon sa Ateneo na Blue Mobility. Mainam ring simulan na ang paglalakad at pagbibisikleta sa halip na magmaneho ng kotse lalo kung malalapit lang ang pupuntahan, kagaya ng mga nasa condominium na papasok sa kampus, upang hindi na makadagdag sa trapiko at makabawas pa sa carbon footprint.

Marami pang kailangang gawin upang umabot tayo sa puntong mas pipiliin ng karamihan ang pampublikong transportasyon hindi dahil sa wala silang iba pang pagpipilian, bagkus ay dahil sa bilis at kalidad na hatid nito. Hangga't hindi pa ito naisasakatuparan sa ngayon, patuloy pa rin ang pagtahak sa mahaba at pasikot-sikot na biyahe tungo sa ligtas at maginhawang transportasyon.

HINAHANAP-HANAP KITA

"Sir may permit ka ba dito."

"Boss bawal mag picture dito."

"Kuya pakitanggal na lang ng camera."

*Sabay hablot sa aking kamera na mabilisan ko namang iniwasan.

"Sige boss, itatago ko na."

Tapos dali-daling itatago ang camera at tatakbo sa pinakamalapit na hintayan ng jeep upang makalayo.

Ito ang madalas na pangyayari kapag ako ay kumukuha ng mga retrato sa gitna ng mga kilos-protesta. Tila parang may sinusundan na iskrip, palaging mayroong lalapit sa'yo na mga nakaunipormeng asul o berde, at tatadtarin ka ng sandamakmak na tanong na para bang nasa gitna ka ng isang interogasyon. Isang masidhing takot ang madarama mo sa unang pagkakataon na mangyari ito, ngunit katagalan ay nakakapagod na lamang. Hindi lang ikaw ang tatanungin, pati na rin ang mga aktibistang siyang paksa ng iyong ipapahayag na balita.

Gayunpaman, bakit kaya pursigido ang kapulisan na alamin ang iyong buong pagkatao?

Sa gitna ng tugatog ng pandemya noong taong 2020, isinagawa ang isang Pride March sa kahabaan ng Mendiola na marahas na binuwag. Mahigit 20 ang ilegal na inaresto at, sa gitna ng kaguluhan, tinangka ng kapulisan na hulihin ang isang intern hango mula sa isang pahayagang Manila Today.

Paliwanag ni Gen. Archie Gamboa, ang namumunong hepe ng kapulisan noon, malaya raw ang mga mamamahayag na magbalita alinsunod sa mga kondisyon na wala itong polisiyang nilalabag at hindi mapapahamak ang pambansang seguridad dahil dito. Dagdag konteksto sa mga kilos-protesta at pampublikong katauhan, ipinaliwanag ng National Union of Journalists of the Philippines (NUJP) na walang batas na nakasaad sa ating konstitusyon na pinahihintulutan ang pagkuha ng retrato o video sa mga pampublikong lugar at kaganapan.

Sa madaling sabi, walang nilalabag na batas ang isang retratistang ginagampanan lamang ang kaniyang papel bilang isang alagad ng katotohanan. Ang mga kondisyon ng kapaligiran na aming ginagalawan ay angkop sa mga kondisyon na iginiit ng PNP chief, at hindi ko lubos na maisip kung paano masisira ng kamera ko ang pambansang seguridad ng bayan ngunit wasto nga naman ang kaniyang mga alalahanin.

Madiin na iginiit ni Maria Ressa na makikita daw sa kasalukuyang administrasyong Marcos ang pagkawala ng takot na nadarama daw
"I supposed" pati ng mga mamamahayag.

Wala nga ba talaga ang takot?

"Sino-sino ang mga organisasyong sangkot sa kilos-protestang ito?"

"Ay sorry po boss, media lang po ako."

"Media? Saang pahayagan ka?"

"Lokal na pahayagan lang po."

*Mabilis na tiningnan ang aking press ID sabay radyo sa mga kalapit na pulis.

Ito ay isang halimbawa muli ng isa pang eksenang palaging tanaw sa kahit ano mang kaganapan na dadaluhan ko bilang isang parte ng midya. Tanaw palagi ang mga kapulisang sabik-na-sabik na makilala ka nang husto. Pangalan mo, pamantasan mo, kurso mo, edad mo, organisasyon mo, panata mo, baka pati na size ng damit mo maitanong na nila.

Palagi silang nandiyan. Mga nakaunipormeng asul na nagmamasid, nagtatanong, at naghihintay. Lalapitan ka nila upang alamin ang iyong pagkakakilanlan, pati na ang iyong mga kasamang mga mamamahayag at aktibista. Bibidyuhan ka at kukuhanan kahit karapatan ng tao na ipahayag ang kanilang pagkayamot sa lansangan. Tapos kapag tinanong kung bakit ibig nilang malaman ang iyong pagkatao, pare-pareho ang kanilang sagot: "For database lang po sir."

Hindi ko na ikinakatakot ang ganitong pangyayari, ngunit ito mismo ang siyang aking kinakatakutan. Ang pagkawala ng aking takot ay nangangahulugan na pangkaraniwang pangyayari na lamang ito. "It's just part of the job," ika nga nila, ngunit sa katunayan ay malaya dapat ang isang mamamahayag na magbalita ng katotohanan na hindi sinisipat ng kahit na sinong pulis o puwersa. Hindi ito normal at hindi dapat mapanatag ang ating loob sa namamayagpag na karahasan laban sa mga mamamahayag.

Gayunpaman, syempre kwento ko 'yan. Baka naman pabiktima lang ako?

Sa ating lipunan, may dalawang kulturang nanaig. Sa panig ng ating mga kapulisan, nariyan ang kultura ng poot—kapootan patungo sa mga taong bumabangga sa kanilang posisyon ng kapangyarihan sa lipunan. Bilang awtoridad at tagapamahala sa ating kaligtasan, mataas ang kanilang papel na ginagampanan. Dahil dito, may mga pribilehiyo silang kumilos labas sa antas at sakop ng pangkaraniwang tao. Oo, hindi sila pangkaraniwang tao.

Nakasukbit sa kanilang baywang ang samu't saring pamamaraan ng karahasan.

Batuta, bala, baril, pepper spray, kutsilyo, tazer, at kalasag.

Bago pa man nila makuha ang karapatan na suotin ang kanilang uniporme ay kaakibat na sa kanilang mga pinag-aralan ang karahasan. Paano bumaril, sumuntok, at sumaksak. Itinatanim sa kanilang mga isipan na lahat ng utos ay galing sa nakakataas at ang pagsuway nito ay nangangahulugan ng kawalan ng kanilang kabuhayan. "Trabaho lamang po, walang personalan," isang parirala na isinabuhay na ng ating kapulisan at kasundaluhan.

Salvage, massacre, assassination, o hit and run.

Isa na namang mamamahayag ang bulagta sa kaniyang estasyon matapos barilin sa kaniyang kinatatayuan. Juan Jumalon ang kaniyang pangalan at sa isang iglap ay naglaho na lamang ang kaniyang buhay at tuluyan ng natahimik ang radyo. Matapos maganap ang krimen, ipipilit ng kapulisan na may proseso daw tayong dapat sundan, at ito ay pagkatiwalaan ang imbestigasyon ng mismong institusyong ng mga mamamatay-tao.

Petty theft, "nanlaban," o NPA.

Matumal ata ngayon ang pabrika ng kwento ng PNP at AFP. Ngunit, kung naitatag nga natin na wala namang linalabag na batas ang mamamahayag, bakit kaya patuloy ang pamamaslang nila sa atin?

Ito ay dahil takot ang isang berdugo sa ingay ng mamamahayag. Alam ng mga marahas na institusyong ito na may kakayahang baklasin ng katotohanan ang opresibong balangkas ng ating kasalukuyang baluktot na sistema. Kasi ang katotohonan niyan ay hindi alagad ng kapayapaan, ng pambansang seguridad, o ng katahimikan ang ating mga nakaunipormeng kababayan sapagkat sila ay alagad ng opresyon.

Kasangkot sila sa mga insititusyong namumuno sa kasalukuyang ayos ng lipunan at ang siyang kumikita sa marahas na kultura sa loob ng kanilang paluwalan ng mga mamamatay-tao. Kaya't labis ang takot ng mga mamamahayag ngunit ang totoo niyan ay mas takot ang mga tampalasan ng ating lipunan. Labis ang kanilang pamamaslang sapagkat ang katotohanan ng mamamahayag siyang makakasira sa kanilang pamumuno, ang magpapabagsak sa kanilang pinagkakakitaang karahasan.



SULAT NI: **CHARLES PEREZ**
DISENYO NI: **REINE BRIOSO**

Ito ang siyang babaklas sa kasalukuyang ayos ng isang mapaniil na lipunan at ang magbibigay-hustisya sa mga bangkay ng mga mamamahayag na patuloy lamang dadami kung hindi natin sila pananagutin. Mga bangkay na dinuraan ng pahayag ni Maria Ressa sapagkat pare-pareho pa rin ang siyang naratibo ng karahasang naririnig natin araw-araw.

Kaya't nariyan pa rin ang takot. Sa katunayan, mas naging lantaran pa nga ang pandarahas ng mga kapulisan at kasundaluhan sapagkat **palagi silang nandiyan.**

Nakapulupot sa mga nagmamasid na mata ng mga naka-asul at berde. Mga nagdadalang kalasag na animo'y hayop ang tinataboy. Ang mga tainga nilang hangin lamang ang pumapasok na sinusuka ang mga lehitimong hinaing ng sambayanang Pilipino. Mga baril na siyang nagpapatahamik sa mga nakikipagpatintero na mga alagad ng katotohanan.

Hindi mawawala ang takot. Ang bawat mamamahayag na nagsalita para sa katotohanan ay may pusong binabalot ng masidhing takot hango mula sa kinakabangga nilang pwersa. Takot na isang nagnanaknak na kaba sa sikmura kapag katotohanan ng baluktot na lipunan ang napagalaman dahil sa iyo.

Patuloy lamang ang bilang ng napapaslang: **Percy Lapid, Jude Fernandez, at Juan Jumalon.** Marami din ang nadakip: **Jhed Tamano, Jonila Castro, Dexter Capuyan, at Gene "Bazoo" De Jesus**. Masasabi pa ba natin na wala ang takot sa harap ng mga naging testigo nito? Nauunawaan ko si Ressa sapagkat nakalaya na siya at wala na ang mga posas niyang nagpapamulat sakaniyang mga mata.

Nauunawaan ko siya nang lubos. Kahit sino namang maamong tuta ay tumatahol 'pag nabigyan ng pabuya ng kalayaan.


KALAYAAN SA
"BAGONG



SULAT NI: **KURT BRANDON BAUTISTA** AT **NATE MERCADO**
SINING AT DISENYO NI: **BEA CATUNGAL** AT **JOSHUA ALLAUIGAN**

ANG LUMANG PILIPINAS

Para sa maraming sektor at indibidwal na naranasan ang 'Lumang' Kalayaan ng nakaraang rehimeng Duterte ay tila kabalintunaan simula't sapul ang konsepto nito. Bagkus ay mahirap maunawaan kung ano bang kalayaang natatamasa nila sa gitna ng mga paglabag sa karapatang pantao at iba't ibang anyo ng karahasan ng estado. Ayon kay Javo Pacheco, Convenor ng alyansang One Big Fight for Human Rights and Democracy, sa ilalim ng lumang rehimeng Duterte ay "Malala 'yong sitwasyon ng karapatang pantao [noon]," at "marami sa mga karapatan ay niyuyurakan," aniya.

Sa katunayan, masasabi ba talaga natin na may kalayaan sa isang bansa na mismo ang mga karapatang ginagarantisa sa mga mamamayan ay binabalewala? Patungkol naman sa mga partikular ng mga isyu sa ilalim ng lumang mga rehimen, tampok kay Pacheco ang "Extrajudicial killings [...] na kumuha sa mga buhay ng mga inosente gaya ni Kian delos Santos". Nabanggit din ang pagbuo ng kontrobersyal na National Task Force to End Local Communist Armed Conflict (NTF-ELCAC) sa Executive Order no. 70 ni Duterte, na aniya ay "malaking bahagi sa mga pagyurak sa karapatang pantao," sapul dito ang "naging isyu ng sapilitang pagpapasuko, mga nireredtag bilang mga NPA na inaaresto at pinapatay," tuloy na sambit ni Pacheco. "[Mga] nanlaban daw! Basta't nanlaban pwede mo nang patayin.." wika niya.

Sa pagsagot sa tanong na kung may kalayaan ba sa ilalim ng lumang rehimeng Duterte, ang sagot ni Pacheco: "Walang pinagkaiba sa lahat ng nagdaang rehimeng post-'86. Pareho ang mga taong nagpapatakbo ng iba't ibang mga ahensya ng gubyerno." Wika pa niya "Kagaya ng mga nagdaang mga rehimen, maging kay Duterte, piling-pili ang kalayaan. Kung ang mahihirap ay nagprotesta i-reredtag, aarestuhin ang mga lider, papalabasin na NPA front diumano," hapo niyang banggit. "Ngunit kapag mayaman na nagnakaw ng milyones mula sa kaban ng bayan, ang sabi ay itaguyod ang due process," ayon kay Pacheco. Klaro pa sa sikat ng araw, para kay Pacheco at sa marami pang iba, sadyang wala o huwad ang kalayaan sa ilalim ng mga rehimen ng "Lumang Pilipinas", at marami itong naiwang naulilang mga pamilya ng mga kaso ng paglabag ng karapatang pantao.

BAGONG PILIPINAS, ASAN NA?

Maging sa kasalukuyan, mainit pa rin sa isipan ng maraming mga pamilya at kaibigan ng mga biktima ng lumang rehimen ang panawagan para sa hustisya sa kanilang mga mahal-sa-buhay. Ano naman ang kalagayan ng mga kasong ito, tinutugunan ba ng bagong rehimeng Marcos II? Ilan sa mga pinakatampok na kaso ay nilahad ni Pacheco, aniya "Isa sa pinakamalaki ay kay Randall Echanis na pinatay sa kanyang tahanan noong kasagsagan ng pandemya," wika niya tungkol kay Randall "Ka Randy" Echanis, yumaong dating Chairperson ng Anakpawis partylist at nakatatandang aktibistang magsasaka na brutal na pinaslang gamit tabak sa kanyang sariling tahanan.

Tuloy si Pacheco: "Ang mga kasong ito, at maraming katulad niya, ay hindi pa nareresolba hanggang [sa] ngayon, [kagaya na rin] ng Bloody Sunday Massacre," ulat niya naman patungkol sa madugong sunud-sunod na operasyon ng PNP sa Timog Katagalugan noong 2021 na pumatay sa 9 katao, kabilang ay mga nangunguna at tanyag na mga lider-aktibista sa kani-kanilang mga probinsya. "Hindi naman napanagot ang mga nagpatay noong Bloody Sunday at mga nagpatay kay Randall Echanis," ayon kay Pacheco.

Sa katunayan, mismo ang Kalihim ng Kagawaran ng Katarungan ng Bagong Rehimen, si Jesus Crispin "Boying" Remulla, na kongresista sa Cavite noong naganap ang mga madugong mga operasyon ay binalewala ang mga kaso laban sa mga pulis na sangkot sa mga pagpatay. May kalayaan ba sa rehimeng walang hustisya? "Nariyan pa rin sa kung-saan ang mga militar na pumatay sa mga katutubo at aktibista noon," ulat ni Pacheco. "Mismo ang dignidad ng mga [biktima] ay binabalewala at niyuyurakan," sambit pa niya.



BAGONG MUKHA NG PANUNUPIL

Kung hindi pa nireresolba ang maraming mga kaso ng inhustisya na naganap sa ilalim ng Lumang Pilipinas, ano naman kaya ang talaan ng karapatang pantao sa ilalim ng Bagong Pilipinas ni Pangulong Ferdinand Marcos Jr.? Pahayag ni Pacheco ay "Ang patuloy na nangyayari ay ang masamang talaan ng karapatang pantao," mapanghinayang niyang banggit. "Lalo na pagdating sa mga aktibistang masa at unyonista, kagaya na lamang ni Jude Fernandez, tagapamahala ng unyon na pinatay sa kanyang tahanan, ilang linggo lang nakaraan," sapul ni Pacheco.

Pati sa iba pang mga sektor, nagpapatuloy ang kawalan ng tunay na kalayaang sibil at paglabag sa mga batayang karapatan ng mamamayan. Dagdag pa ni Pacheco, "Kamakailan lamang, may mga aktibista na nagprotesta sa demolisyon at sumusuporta sa hanapbuhay ng mga mangingisda," aniya "sila'y sapilitang pinasusuko kahit hindi nilalabag ang anumang batas."

Sa patuloy na nangangamba at imbing kaayusan ng Pilipinas, mula noon, hanggang ngayon, hayag na para sa marami kagaya ni Pacheco, ibang-iba ang kalayaang nais matamasa ng karaniwang mamamayan, at ang kalayaang itinataguyod ng mga nagdaang rehimen. Panayam ni Pacheco "Wala namang pagbabago. Binoto siya ng mga taong umaasa sa pagbabago, pero wala, gayon parin."

Sa pagsusuri ni Pacheco "May bago lang mukhang namamahala sa lahat ng karahasan ng estado." Tiyak na para sa maraming mga biktima ng paglabag ng karapatang pantao, ang pagsusuring ito ay tumatambol sa kalagayang lapat na lapat sa mahirap na reyalidad.



DepEd Kurikulum: PARA KANINO ANG PAGBABAGO

SULAT NINA: **CASSANDRA CERVERA** AT **KEILAH NATO**
DISENYO NI: **JUSTINE EVORA**


Simula nang maupo si Bise Presidente Sara Duterte bilang Kalihim ng Kagawaran ng Edukasyon, maraming pagbabago ang naganap sa sistema ng edukasyon sa Pilipinas. Isa sa mga ito ang pagsilang ng Matatag Kurikulum, na "isang pamana mula sa administrasyong Marcos Jr. sa 'basic education' ng bansa," ayon kay Duterte. Subalit sa kabila ng mga pangako ng pag-unlad, kusang lumilitaw ang mga isyu hinggil sa mga pagbabagong ito. Para nga ba ito sa ikabubuti ng sistema? O para sa ikalilinis ng mga maysala?

DEPED 'REBRAND'

Matatandaang noong 2022, naging kontrobersyal ang pag-upo ni Duterte bilang Kalihim ng Edukasyon sa pag-aalala ng masa sa posibilidad ng pag-"rebrand" ng Martial Law dahil sa alyansa ng Duterte-Marcos na kaagad namang itinanggi ni Sara. Ayon sa kaniya, "wala po sa aking mandato ang pagsira sa integridad ng ating kasaysayan. At ang Department of Education (DepEd) – na kasalukuyang abala sa mga programang naglalayong maiangat ang kalidad ng basic education sa Pilipinas – ay walang panahon para sa historical revisionism na pilit na iginigiit ng ilang mga anti-Marcos groups."

Inilabas ng bise presidente ang naturang pahayag matapos kumalat ang isang post sa social media mula sa isang mag-aaral sa Marinduque na nagpapakita ng isang module mula sa DepEd na gumagamit ng terminong "New Society" sa halip na Martial Law bilang pagsangguni sa panahon sa kasaysayan mula 1972 hanggang 1980.

Sa kasalukuyan, maraming pagbabago nga ang isinasagawa ng DepEd. Ang MATATAG K-10 Kurikulum, na naglalayong paluwagin ang kasalukuyang K-12 Kurikulum sa pamamagitan ng pagbabawas ng learning competencies at higit na pagtutuon ng pansin sa pagpapaunlad ng mga foundational skills, tulad ng literacy, numeracy, at sosyo-emosyonal na kasanayan, ang isa rito. Bagaman hindi pa opisyal na nailulunsad ang Matatag Kurikulum sa buong bansa, ibinahagi ni Marvelyn Villanueva, isang Master Teacher II mula sa San Joaquin South Central Elementary School, ang kanyang opinyon hinggil dito. Aniya,



Yung Matatag Kurikulum masasabi kong maayos siya at organisado.

Kasi, una, nabawasan ang napakaraming learning competencies mula 11,000 ay magiging 3,000 na lang. Mas matutukan ng mga guro ang mga importanteng kompetensi hindi tulad noon na maraming kompetensi at kailangang maituro lahat. Binaba na rin sa limang subjects mula sa dating pito ang pag-aaralan ng mga estudyante kaya mas natutukan nito ang literasiya at numeracy na kailangang i-master ng mga bata bago sila mag grade 4. Tsaka mas maeenjoy ng mga bata mula kindergarten hanggang grade 3 ang kanilang pag–aaral sapagkat hindi sila mapepressure sa mga akademikong gawain. Kaya buo ang aking suporta sa Matatag Kurikulum at aking inaasahan na makamit nito ang pangarap nating matibay na edukasyon."

*Nakabatay ang Matatag Kurikulum sa panibagong slogan ng DepEd basic education na MATATAG: Bansang Makabata, Batang Makabansa. Ayon kay Duterte, ang Matatag ay nangangahulugang "**Ma**kabagong kurikulum na napapanahon"; "**Ta**lino na mula sa isip at puso"; "**Ta**pang na humarap sa ano man ang hamon sa buhay"; at"**G**aling ng Pilipino, nangingibabaw sa mundo.*

ANO ANG MGA PAGBABAGO?

Kasama sa mga pagbabagong ito ang pagpapalit ng terminolohiya mula "Diktadurang Marcos" patungo sa "Diktadura" lamang. Sa ganitong uri ng pagbabago, naipapakita ng denialism sa kasaysayan na maaaring magdulot ng malaking epekto sa pang-unawa ng kabataan hinggil sa naganap noong diktadurang Marcos. Sa paghiwalay ng "diktadura" sa Marcos, hinihiwalay ang pangalang ito sa mga atrosidad na nangyari noong Martial Law — kabilang na ang 70,000 nakulong, 34,000 tinorture, at 3,240 pinatay na mga Pilipino.

Malinaw na ang rebisyong ito ay estratehiya ng administrasyon na ayusin ang madilim na kasaysayan ng pamilya Marcos. Ang mga tao, lalo na ang mag-aaral, ay minamanipula sa pamamagitan ng pagbura sa tunay na kasaysayan.


Dagdag pa rito, ang pagkakalikha ng asignaturang SIKAP, na pinagsama-sama ang araling panlipunan, kultura, kasaysayan, at P.E. para sa mga mag-aaral mula kindergarten hanggang Baitang 3. Sa pagsasama ng mga asignaturang ito, nawawalan ng pagbibigay-diin at importansya sa kasaysayan at kultura ng bansa, na ayon sa pag-aaral mula sa International Journal of Intercultural Relations ay siyang mahalaga upang mapausbong ang nasyonalismo sa bawat mag-aaral

Isa pa, wala namang patunay na mapabubuti ng mga pagbabagong ito ang kasalukuyang sistema ng edukasyon. Bagkus, maaari pa itong magbigay ng dagdag na pagsubok sa mga guro na kailangan na namang umangkop sa bagong kurikulum sa maiksing panahon. Hindi rin madaling magturo ng limang asignaturang ipinagkasya sa isa. Batay sa pananaliksik ng Council of Independent Colleges (CIC), isa sa mga hamong dala ng multidisciplinary na mga asignatura ay ang pangangailangan para sa mga mag-aaral at guro na maglaan ng karagdagang oras at pagsisikap dito sapagkat maraming pamamaraan at teorya ang dapat na isaalang-alang.

NATUTUGUNAN BA ANG PANGANGAILANGAN NG MGA MAG-AARAL?

Sa kabila ng mga pagbabagong isinasagawa ng Kagawaran ng Edukasyon, marami pa ring educational gaps na hindi natutugunan. Kasama rito ang kakulangan ng mga silid-aralan, mesa, at upuan sa mga paaralan, pati na rin ang kakulangan ng guro at mababang pasahod na tinatanggap nila. Ang higit na pagbaba ng literacy rate ng kabataan dulot ng pandemya ay isa pa sa mga isyu na dapat bigyang-pansin. Ayon sa estadistika ng World Bank ukol sa kahirapan sa pag-aaral noong 2021, siyam sa bawat 10 batang may edad na 10 sa Pilipinas ay nahihirapang magbasa at magsulat ng simpleng teksto.

Hindi lamang sa elementarya makikita ang pagkukulang ng tugon ng pamahalaan dahil umani rin ng batikos



ang kamakailang panukala ng kongreso sa pagkaltas ng badyet sa mga state universities at colleges (SUCs). Sa halip na unahin ang mandatory reserve officers' training corps (ROTC), nananawagan ang mga mag-aaral sa mga mambabatas na dagdagan ang pondo sa sektor ng edukasyon.

Kasabay nito, may mga grupo tulad ng Alliance of Concerned Teachers (ACT) na nagpapahayag ng kanilang hindi pagsang-ayon sa Matatag Kurikulum. Ipinahahayag nila ang kanilang hinaing at panawagan na dapat makinig ang Kagawaran ng Edukasyon sa mga guro, estudyante, at magulang.

PANSARILING KAGUSTUHAN KAPAKANAN NG KABATAAN?

Walang masama sa pagbabago o pagpapabuti ng kurikulum. Subalit, malinis nga ba ang intensyon ng pagbabagong ito, o isa na naman ito sa mga panimula ng gobyerno na baguhin ang kasaysayan? Malinaw sa mga pagbabagong nabanggit na hindi prayoridad ang pag-unlad ng edukasyon, at mas lalong hindi prayoridad ang pag-unlad ng mga mamamayan. Sa halip, nababalewala ang tunay na pangangailangan ng mga kabataan at higit na lumalala ang krisis sa edukasyon sa bansa.

Sa huli, ang boses ng mga guro, estudyante, at magulang ang siyang dapat pakinggan. Saanman ito patungo, dapat ituring ang edukasyon bilang pundasyon ng kaunlaran ng bayan.







SINING NI: **JAKOB SEMILLA**
PH
HISTORY
Semilla

'BAGONG
LUMANG



SULAT NI: **ALEXANDRA KAYE NOBLE**
AT **ALEXANDREA KATE NOBLE**
DISENYO NI: **CZRILLE JAINE CANONIGO**

PILIPINAS,
MUKHA




"BAGONG PILIPINAS,

SULAT NI: **ALEXANDRA KAYE NOBLE** AT **ALEXANDREA KATE NOBLE**
DISENYO NI: **CZRILLE JAINE CANONIGO**

Musika sa tainga ng mga mamamayan ang lirikong ito ng campaign jingle ng pares nina Pangulong Ferdinand Marcos Jr. at kanyang bise Sara Duterte-Carpio para sa Eleksyon 2022, na sumasalamin sa kanilang pangako. Marahil, dahil sa pagiging epektibo nito, inilunsad ng administrasyon ang "Bagong Pilipinas" bilang kanilang 'branding' na ginawan pa ng logo. Inilalarawan daw ng linya ang gobyernong maaasahan, may pananagutan at prinsipyo na naglalayon ng transpormasyon sa bawat sektor ng lipunan, komprehensibong pagbabago sa mga polisiya at kumpletong pagbangon ng ekonomiya. Subalit, mapapansin ang kontradiksyon sa bansag na ito at sa tunay na takbo ng bansa sa kasalukuyan, kaya ang nasabing branding ay tila isang maskarang maraming ikinukubli.

Isa sa mga pinakatumatak na pangako ng tambalang Marcos-Duterte sa kanilang pangangampanya noong eleksyon ang pagbaba ng presyo ng bigas sa P20 kada kilo. Mahigit isang taon na nang maluklok sa pwesto, malayo pa rin sa pagiging abot-kamay ang presyong ito sa merkado. Sa katunayan, ayon sa Philippine Statistics Authority, umabot sa 17.9% ang rice inflation sa bansa noong Setyembre, pinakamataas sa huling 14 na taon. Ito ay sa kabila ng itinakdang price cap ng pangulo sa parehong buwan matapos ang 8.7% na inflation sa bigas noong Agosto. Sa ilalim ng Executive Order 39 na binawi rin sa sumunod na buwan, P41 sa regular milled na bigas at P45 naman sa well-milled ang ipinataw na price ceiling.

Bukod sa mga pangakong napako, kwestiyonable rin ang pagkakaroon ng bagong Pilipinas base sa mga kasalukuyang lider ng bansa. Maliban sa presidente at bise presidente na mga anak ng mga naging pangulo at parehong matagal na rin sa pulitika, nagbalik si dating pangulo Gloria Macapagal-Arroyo sa gobyerno bilang House Senior Deputy Speaker sa ilalim ng administrasyon noong Hulyo hanggang Nobyembre 2023. Matatandaan ang pagkakasangkot ng dating pangulo sa "Hello Garci" scandal na may kinalaman sa eleksyon noong 2004, pati na rin ang hinarap niyang kaso ng plunder pagkatapos ng kanyang termino. Kasabay nito, naitalaga naman bilang House Speaker ang pinsan ng pangulo, Leyte 1st District Representative Ferdinand Martin Romualdez habang senior deputy majority leader naman ang kanyang anak na si Ilocos Rep. Ferdinand Alexander "Sandro" Marcos.



BAGONG MUKHA"

Isa pa, kabalintunaan din sa sinasabing bagong Pilipinas ang patuloy na paglaganap ng mga isyung panipunan na mahahambing sa sitwasyon noong panahon ng batas militar at sa nakaraang administrasyon. Isa na riyan ang muling pagdausdos ng bansa sa Global Press Freedom Index sa ika-157 na pwesto, isang manipestasyon ng media censorship.

Matatandaan noong nakaraang taon ang pagpapatigil sa operasyon ng websites ng media outlets na Bulatlat at Pinoy Weekly. Naging dahilan ang memorandum ng National Telecommunications Commission (NTC) tung-kol dito upang ulanin ng red-tagging ang mga miyembro nito bilang mga komunista at terorista. Ito ay isa pang lumang isyu ngunit talamak pa rin sa sinasabing bagong bersyon ng bansa.

Kaugnay nito, ang plano ng kagawaran ng Edukasyon na palitan ang terminong Diktadurang Marcos" ng "Diktadura" sa bagong kurikulum ng Araling Panlipunan sa ikaanim na baitang ay isang porma ng misinpormasyon o pagbaluktot sa katotohanan. Maihahalintulad din ito sa sitwasyon noong batas militar kung saan ang mga impormasyong pumapabor sa pagpapaganda at pagpapalinis ng imahe ng pamahalaan lamang ang ipinapakita sa publiko.

Marahil ay naging malakas ang dating ng "Bagong Pilipinas, Bagong Mukha," subalit hindi lamang dapat madala sa tono nito, sa halip ay maging kritikal at mapanuri ang mga mamamayan sa katotohanang itinatago o pinapalabas ng mga katagang ito.




ISANG LIBO'T ISANG TUKA

SULAT NI:
MA. ANNE JADE GAMBOA
AT **JENNERY HELOISE VELASCO**

SINING AT DISENYO NI:
JAKOB SEMILLA
AT **PSALMA GAITE**

NAGBABAGSAKAN PALA RITO?



Unti-unting nawawalan ng talas ang tuka ng agila. Animo nawawalan na rin ng lakas na makadagit ng suwerte at pagkakataon. Parang… tayo ngayon.

Mula sa 5.3% noong Agosto, tumalon sa 6.1% ang inflation nitong Setyembre 2023 ayon sa Philippine Statistics Authority. Matatandaan na umabot na rin ang mga numero sa 8.7% noong Enero—pinakamataas na naiulat—malayo sa ninanais na 2-4% inflation rate ng gobyerno.

Magandang masuri kung ano-ano ang mga salik na nakaaapekto sa patuloy na pagtaas ng presyo ng bilihin. Binigyang diin ni Guild (2023), eksperto sa usaping pang-ekonomiya sa Timog-silangang Asya, ang dalawang rason kung bakit sensitibo ang bansa sa mataas na presyo ng pagkain at enerhiya. Una ay ang kawalan ng bansa ng self-sufficiency sa produksiyon ng bigas at pati na rin ng coal reserves.

1000



Dahil patuloy ang pag-angkat ng bansa sa dalawan produktong ito, apektado rin ang bansa kung tataas ang pandaigdigang presyo nito.

Bukod dito, maaari ring mabakas ang isa pang dahilan ng inflation sa Pilipinas—istrukturang pang-ekonomiya ng bansa. Sinasabi ni Guild (2023) na marami sa mga sektor ng bansa, partikular na ang sektor ng enerhiya, ang may malakas na “market component”. Dito makikita kung paanong ang presyo na binabayaran ng konsumer ay repleksyon ng aktuwal na halaga ng mga resources para makabuo ng nasabing produkto. Kung ikukumpara sa ibang karatig-bansa, tulad ng Indonesia, nakaisturktura ang kanilang ekonomiya kung saan hindi nakadirekta ang bigat ng problema sa konsumer—mas ramdam ng estado ang pagtaas ng mga presyo dahil sa mga subsidiya at ibang pang-merkadong interbensiyon. Dito tuluyang makikita ang hirap ng mga mamimili sa Pilipinas—sila ang nagpapasan ng pasakit ng mataas na presyo ng mga pang-araw-araw na pangangailangan.

Matatandaan nga nitong Setyembre ang pag-trending ng aktres na si Neri Miranda nang ibinahagi niya ang kanyang P1,000 weekly meal plan sa Facebook na ngayon ay burado na. Ilan sa mga tinira ng netizens ang hindi pagiging makatotohanan nito. Ilan sa mga komento ang nagsasabing kahit 1500 pesos ay nagkukulang pa rin. Pahabol naman ni Neri na kinukuha niya ang ibang mga gulay sa kanilang bakuran.

Ang isyung ito ay hindi dapat lamang magpokus sa maaaring hindi pagiging malay ng isang influencer sa lagay ng ibang pamilya—dapat pa ring tingnan na nakaugat ang problemang ito sa patuloy na pagtaas ng presyo ng mga bilihin. Sa samo’t saring reaksiyon, mahihinuha kung gaano kabigat na mapunan ang sapat at optimal na pangangailangan. Idirekta ang pagkadismaya at galit sa mas may kapangyarihan na baguhin ang sistema.

Dapat ding masuri ang implikasyon ng mataas na presyo ng bilihin sa malnutrisyon. Mula sa ulat ng National Nutrition Council, ang isang pamilya na binubuo ng limang miyembro ay dapat may P1,212 na


pang-araw-araw na badyet para masigurong masustansiya ang kinakain ng bawat isa. Dito makikita kung gaano kalaki ang epekto ng inflation higit sa pagpapanatiling malusog ng pamilya.

Nakapanayam namin si Ate Wilma, isang empleyado sa Gonzaga Cafeteria, nabanggit niya na hindi talaga kakasya ang isang libong piso kada linggo, "Hindi naman pwedeng ganito lang 'yung uulamin niyo, kasi syempre, doon kayo kumukuha ng lakas e, kaya dapat, kahit papaano, healthy saka balanced. Hindi pwedeng kung egg, egg lang the whole week, para matipid." Dito na lang talaga mapapatanong kung konsumer na nga lang ba talaga ang dapat makiakma at gumawa ng hakbang para matugunan ang problemang ito. Hindi maipagkakailang sa patuloy na pagtaas ng presyo ng bilihin, nasasakripisyo na rin ang kalusugan ng bawat isa. Dito nag-uugat kung bakit ang mataas na presyo ng bihilin ang pangunahing dahilan sa tumataas na kaso ng malnutrisyon at mabagal na paglaki mga bata (Management Association of the Philippines, 2023).

Kung titingnan naman ang sitwasyon ni Michael, nagtitinda ng sorbetes sa Gonzaga Cafeteria, hirap din siya sa patuloy na pagtaas ng bilihin. Sabi pa nga niya halos wala na siyang naiipon, "Lalo na po mataas po ang [presyo] ng bigas, tsaka yung pambiling ulam syempre may anak din po ako na binibilan ng gatas kaya sapat lang po, halos wala na po kaming matabi na ipon." Tila ba ang mga katulad ni kuya Michael ay mga agilang unti-unting nawawalan ng tiyansang umalpas at makamit ang mas magandang oportunidad sa buhay. Dapat na lang bang mapirmi ang mga kagaya niya sa "sapat na"?

Tangi sa riyan, nananatili pa ring isang malaking katanungan ang patuloy na paglobo ng kabuuang utang ng Pilipinas sa ilalim ng pamumuno ni Ferdinand "Bongbong" Marcos Jr., kasabay ang sunod-sunod na pagbiyahe nito at ng kanyang katuwang na si Sara Duterte sa iba't ibang lupalop ng mundo—isang kabalintunaang nagdulot ng samot-saring pagdududa sa bawat mamamayang Pilipino. Kabilang na rito si Ate Wilma. Ayon kay Ate Wilma, hindi rin malinaw sa kanya kung saan nila kinukuha ang pondo sa kanilang mga paglalakbay.

Ipinahayag din ni Isha, isang iskolar mula sa Ateneo de Manila University, ang kanyang pagkadismaya, binibigyang-diin ang walang katarungang pagtrato ng gobyerno sa mamamayang Pilipino, lalong-lalo na sa mga nasa laylayan na paulit-ulit na pinagkakaitan ng kanilang mga pangangailangan. Sambit naman ni Ren, isa ring iskolar sa nasabing



unibersidad, na ang kanilang mga biyahe ay hindi tugma sa mga kasalukuyang suliraning kinahaharap ng bansa na nangangailangan ng agarang aksyon.

Subalit, sa kabila ng palasak na pagdududa ng mga mamamayan, hanggang ngayon ay wala pa ring sense of transparency ang kongreso. Bagaman kaliwa't kanan na ang mga nananawagan sa pananagutan ng gobyerno, mahigpit pa rin ang kanilang kapit sa pananatiling kumpidensiyal ng mga pinaggagamitan ng pondo. Sa halip na punan ang puwang sa isipan ng taong-bayan, hinikayat lamang ni Duterte ang lahat na ituon ang pansin sa "paghahanda sa darating na panahon ng taghirap, lalo na sa patuloy na pagtaas ng presyo ng pagkain at iba pang bilhin." Ngunit, hindi ba't tungkulin nila ang mapanatiling abot-kaya ang presyo ng mga pangunahing pangangailangan ng mamamayan? Sa katunayan, ang patuloy na pagtaas ng presyo ng mga bilihin ay sumasalamin sa kakulangan ng aksiyon ng mga nasa kapangyarihan, at ang sintomas ng lumalalang ekonomikong krisis sa bansa ay mababakas na noong nakaraang administrasyon pa lamang, sa ilalim ng pamumuno ni Rodrigo Duterte.

Sa pagbabalik-tanaw, tinaguriang "Asia's New Darling" ang Pilipinas mula sa pagiging "Sick Man of Asia" sa ilalim ng pamumuno ni Benigno "Noynoy" Aquino III noong 2015 dahil sa paglago ng husto ng ekonomiya. Nanatili ang bansag na "Darling of Asia" sa bansa nang manahin ito ni Rodrigo Duterte mula sa administrasyong Aquino. Gayumpaman, naging isang

matinding balakid sa pag-usbong nito ang krisis na hatid ng pandemya, na mas pinalala pa ng kakulangan sa aksiyon ng gobyerno.

Bagaman ipinamalas ng administrasyong Duterte sa likod ng social media ang pagsagawa ng agarang aksyon sa paglupig ng rumaragasang paglobo ng bilang ng kumpirmadong kaso ng COVID- 19 at pagsawata sa tuluyang paglaganap ng nasabing virus Pilipinas, bakas ang palasak na pagdududa ng masa dulot ng patuloy na pag-akyat ng halaga ng utang ng kongreso habang nananatiling walang taglay na kongkretong plano sa paglutas ng krisis. Pamilyar? Marahil tila pinagbiyak na bunga ang nakaraan at kasalukuyang administrasyon—ang administrasyong Duterte at Marcos—mula pa lamang sa kawalan ng kongkretong plano sa paglutas ng suliraning kinahaharap ng bansa hanggang sa walang katapusang pangungutang nang walang malinaw na pinaglalaanan ng pondo.

Nang tanungin si Ate Wilma kung may pagkakaiba ang presyo ng mga bilihin sa kasalukuyan kumpara sa mga nakaraang administrasyon, mabubuod sa isang salita ang kanyang kasagutan: “Sobra.” Ayon sa kanya, noong mga nakaraang administrasyon kung saan malago pa ang ekonomiya ay sapat pa ang kanyang sahod sa presyo ng mga pangangailangan. Subalit, sa kasalukuyang panahon, habang pataas nang pataas ang presyo ng mga bilihin ay walang nagbabago sa halaga ng kanilang sahod—nananatili pa ring mababa. Ang kasagutan naman ni Isha at Ren ay nakatuon sa kalagayan ng ekonomiya sa ilalim ng administrasyong Duterte, binibigyang-diin ang unti-unting pagtaas ng presyo sa panahon ng pandemya, na mas lumala pa sa loob ng isang taong pamumuno ng administrasyong Marcos.

Mula rito, nasaan nga ba ang “Bagong Pilipinas” na kanilang ipinangako sa ekonomiyang nananatiling lubog sa katiwalian ng gobyerno? Matapos ang pag-unlad ng ekonomiya sa administrasyong Aquino ay agad din itong bumagsak muli nang mapunta sa kamay ng administrasyong Duterte, at mas lalo pang bumagsak sa pamumuno ng administrasyong Marcos sa kasalukuyan. Kung tutuusin, wala rin itong pinagbago sa masalimuot na kasaysayan sa ilalim ng diktadura ni Ferdinand Marcos Sr. na pinalilibutan ng mga neoliberal na polisiyang ipinagpapatuloy pa rin magpasahanggang ngayon—mga polisiyang pinag-uugatan ng suliranin sa ekonomiya dulot ng lantarang pagpabor nito sa mga naghahari-uri, habang walang pakundangang napag-iiwanan ang taong-bayan.

Mahalagang bigyang-diin na sa gobyerno nakaatang ang responsibilidad na paunlarin ang ekonomiya; ang bigat ng pasaning nito ay hindi dapat ipinapasa sa mga konsumer. Sila ang inaasahang magbibigay-lunas sa suliraning kinahaharap ng bansa sa kasalukuyan, ngunit sa halip ay sila ang nagsisilbing mikrobyong nagpapalala sa malubhang sakit ng ekonomiyang kumikitil sa pangarap ng bawat Pilipino.

Gobyerno dapat ang sandigan ng mamamayan. Kung iwawangis sa agila, sila dapat ang nagpapatulis sa tuka nito, ang nagpapatalim sa mga kuko upang makadagit ng progreso, at ang pakpak na agapay sa pagdapo sa inaasam na saganang buhay. Subalit tila sila pa ang pumuputol sa pakpak ng mga tao—hindi maka-alpas, hindi na kayang umabot ng pag-asa.

Kaya naman sina Ate Wilma at Kuya Michael, hiling ang pagbaba ng presyo ng bilihin. Sa mga salita ni Kuya Michael, “Parang mas okay na bumaba lahat ng bilihin, kahit naman po yung sahod ng mga nagtatrabaho kahit hindi naman po tumaas basta po yung bilihin bababa,” rinig ang pagsusumamo at pakikipagtawaran—na kahit ang pinakamababang kayang ibigay ng gobyerno ay maibigay naman sana.

Mungkahi rin ni Ren na sana, higit sa mga pangangailangan ng estudyante, ay magkaroon ng diyalogo, “kailangan even to the lowest level napagtatanungan mo talaga kung ano yung mga pangangailangan nung bawat estudyante.” Dagdag pa niya na marami pang kayang magawa ang gobyerno. Hinihimok din niya ang mga kapwa Atenista na magising at makisangkot sa ganitong mga realidad. Tunay ngang sa dami ng iniisip ng mga-aaral, pressure at iba pang mga dalahin sa buhay, madalas nang makaligtaan ang mga isyung ito na madalas, hindi naman dama ng mga may pribilehiyo. Subalit tumatak ang mga panghuling salita ni Ren, “Ang finofocus natin kailangan makagraduate tayo, kailangan mafulfill natin yung mga gusto natin at gusto ng parents natin. Pero parang ***kung wala kasi yung bansa natin, para saan pa yung inaaral natin?***”

Sana ang mga nakasulat sa artikulong ito ay makalabas, makaalpas, at makatuka ng simpatiya. Sana hindi na maging mailap sa isang libo ang buhay na sagana. Sana dito na magtatapos ang isang libo at isang tuka.

1000



BK Lng Naman: HINGGIL SA BAKLA, BATAS, AT LIPUNAN

SULAT NI: MARIELLA JOY GERELINGO
SINING NI: BEA FRAGO
DISENYO NI: ALLANA BONCAVIL

Sa isang segment ng programang It's Showtime, kumain ang hosts at magkasintahang sina Vice Ganda at Ion Perez ng icing mula sa kanilang mga daliri. Pagkatapos, kinondena at ipinatawag ng Movie and Television Review and Classification Board (MTRCB).

Samantala, sa isang bidyo, makikita ang pag-sayaw ng drag artist na si Pura Luka Vega sa remix ng dasal at kantang Ama Namin sa isang bar. Paglao ay inulan ng batikos mula sa netizens at noong ika-5 ng Oktubre'y inaresto ng kapulisan.

Problematiko at nakagugulat (o maaaring hindi, depende sa 'yo). Subalit kung maiging bubusisiin, lalong makikitang may matagal nang mas malalim at masalimuot naisyung tumatahi sa dalawang pangyayari.

Binabanggit ng MTRCB na paglabag umano sa Section 3(c) ng Presidential Decree No. 1986, na nagbibigay-kapangyarihan sa kanilang ipahinto ang mga palabas o anomang publicity material, ang ginawang pagkain ng icing ng magkasintahan sapagkat ito ay bastos at hindi pasok sa mga batayan nilang "contemporary Filipino cultural values." Subalit, kapansin-pansin naman ang kawalan nito ng imik sa sumunod ding kontrobersiyal na mga pahayag na binitawan ng host at aktor na si Joey De Leon sa isang segment ng E.A.T kung saan, binanggit ng host ang "lubid" bilang isa sa "mga bagay na sinasabit sa leeg," na agad binatikos ng mga netizen dahil sa hindi angkop na pagbibiro nito sa sensitibong usapin hinggil sa suicide.

Si Pura Luka Vega, dinakip ng pulisya dahil sa umano'y paglabag nito sa pagbabawal sa "immoral doctrines, obscene publications and exhibitions, and indecent shows" na lumalapastangan sa anomang relihiyon. Subalit, matagal na ring naglipana sa social media ang mga taong—mga bata, matanda, kahit mga naglilingkod sa Simbahan—sumasayaw sa parehong tugto o di kaya'y gumagawa ng content o nakakatawang mga bidyo hinggil sa relihiyon.

Halos magkakapareho; nagkakaiba lamang sa kung sino ang gumawa at lalo sa kung ano ang kinalabasan ng bawat isang gumawa nito. Mula rito, umuusbong ang ilang tanong: bakit nakatanggap ng pambabatikos at pangongondena sina Vice, Ion, at Luka? Tunay bang dahil ito sa gawi o sa mismong mga taong gumawa nito?

MGA BINHI NG TUNGGALIAN

Kung susuriing mabuti, walang pagkakaiba sa ginawa nina Vice at Ion sa ibang mga artistang gumaganap sa mature na eksena sa mga palabas, at ni Luka at ng iba pang mga taong sumayaw rin sa Ama namin remix. Tanging nagkakaiba lang ay kung sino ba ang gumawa; hindi kabilang sa karaniwang relasyong heteroseksuwal sina Vice at Ion samatalang nasa konteksto naman ng drag performance ang pagsayaw sa Ama Namin ni Luka. Parehong mga gawi subalit sa dalawang isyung nabanggit, hindi pasok sa mga heternormatibong kategorya ng pagkakakilanlan ang mga taong gumawa nito. Ang aspekto ng pagiging queer ng mga taong sangkot ang pinakamatingkad na kaibahan sa mga sitwasyong ito. Nailalantad ng inilatag na mga insidente na may kaibahan sa pagtanggap sa mga bagay pagdating sa mga taong kabilang sa LGBTQIA+ at hindi. Kakaiba, paglabag, at hindi normal ang pagtingin sa mga tila karaniwan nang mga bagay sa tuwing bahagi na ng LGBTQIA+ ang nagsasagawa ng mga ito.

Saan ba nagmumula ang mga pambabatikos at pangogondenang natanggap nina Vice, Ion, at Luka? Mahaba at masalimuot ang kasaysayan ng pag-usbong ng ganitong pagkalaban sa pamayanang LGBTQIA+, na maiuugat mula sa mahabang karanasan ng kolonyalismo ng Pilipinas. Subalit, hindi maikakaila ang papel ng magkasalabid na puwersa ng Simbahan at estado sa pagpapanatili ng ganitong pangyayari.

Matagal nang tumatakbo ang komplikadong ugnayan ng LGBTQIA+ at ng Simbahan. Gasgas na ang linyang "tanging babae at lalaki lamang ang ginawa ng Diyos" na palagiang maririnig sa mga debate ukol dito kung kaya, matagal na ring nakulong sa dikotomiyang ito ang pagtingin ng lipunan sa kasarian (kabalintunaan, sa katunayan, kung titingnan ang pormulasyon ng salitang "kasarian"). Ang pag-iral, sa gayon, ng mga taong lumihis ang pagkilala sa sarili mula sa dalawang kategoryang pangkasariang ito ay itinuring na iba at hindi normal. Kasama sa naging ganitong pagtuligsa ang mga gawi, bagaman karaniwang nasasaksihan sa mga babae at lalaki, ng mga kasapi ng LGBTQIA+. Dahil dito, ang paghahawak-kamay ng magkasintahang nasa heteroseksuwal na relasyon ay "normal," subalit ang parehong kilos ng lalaki at lalaki o babae at babae ay "bastos," "imoral," o "hindi tama."

Gayunpaman, paglaon ng maraming panaho'y may ilang pagsulong na rin mula sa naitatag na kaisipang ito lalo na sa bagong henerasyon ng mga lider ng Simbahan ngayon. Mismong si Santo Papa Francisco ay makailang ulit nang nagpahayag ng pagtutol sa pambabato ng mga negatibo at mapanuyang salita sa mga itinuturing na iba ng lipunan, lalo na sa mga bahagi ng LGBTQIA+. Sa dokumetaryong Francesco na inilabas noong 2020, bagaman nananatili ang pananaw nito sa same-sex marriage, nagpahayag ang Papa ng suporta sa pagbuo at paglegalisa sa civil union na aniya'y magbibigay-kalayaan at proteksiyon sa dignidad at karapatan ng mga homosexuals na bumuo ng pamilya bilang bahagi ng lipunan. Sa kabila ng mga ito, hindi rin maikakailang may ilan pa ring bahagi ng Simbahan, mananampalataya man o mga pari, na patuloy na nakukulong sa hindi bukas na pananaw tungo sa pamayanang LGBTQIA+. Sa katunayan, may mga pagkondena rin sa ilang pari, mananampalataya, at sa mismong Santo Papa sa mas magaan na lapit o dulog ng mga ito sa usaping LGBTQIA+. Patunay itong nananatili pa rin ang homophobia o hindi pagtanggap ng ilang tao sa mga bahagi ng pamayanang ito.

Makikitang malaki ang papel ng Simbahan sa panlipunang konsepto ng normal lalo na sa kasarian. Subalit, hindi lamang sa Simbahan nagmula ang bin- hi ng ganitong antagonikong pagtingin sa LGBTQIA+. Dumaragdag dito ang katotohan ang minsan, nagiging batayan sa pagpapatupad ng maraming batas ang homophobia sapagkat mismong mga taong gumagawa at nagpapatupad ng mga ito ay nakakulong sa limitadong pagtingin hinggil sa LGBTQIA+, kagaya na lamang ng mga kasong tinatalakay rito. Sa ganitong mga pagkakataon, iniaangkop at ginagamit bilang lente ang di-progresibong uri ng pananaw ng Simbahan sa usapin ng kasarian sa suhektibo at di-pantay na pagpapatupad ng mga batas. Dahil sa ganitong matalik na ugnayan sa pagitan ng Simbahan at ng bulok na sistemang panghustisya ng bansa, lalong nalehitimisa ang limitadong pagtingin sa LGBTQIA+ na siya ring naikintal sa kamalayan ng malaking bahagi ng lipu-nang nasasaksihan natin hanggang ngayon.

LEGAL O HINDI? BAKA.

Bunga ng malaking papel ng mga sistemikong impluwensiya sa mga pagpapahalaga at konsepto ng normal at moralidad ng mga Pilipino, tumitingkad ang usapin ukol kung anong mga bagay ba ang lumalabis sa mga ito at maituturing na kabastusan at kalapastanganan, lalo na sa kontekstong legal na gaya ng nabanggit, ay maaaring nahahaluan ng suhektibong elemento.

Sa kaso nina Vice at Ion, nakalatag sa batas ang mga uri ng karahasang sakop ng mandato ng MTRCB. Subalit, walang tiyak na panuntunan ang ahensiya sa kung ano bang mga gawi ang masasabing may bahid ng kalaswaan at hindi nakaayon sa “contemporary Filipino cultural values” na kanilang binabanggit laban sa It’s Showtime hosts. Gayundin, sa drag performance ni Luka, kahit ang legal na mga dokumento ay walang iisang pagpapakahulugan sa blasphemy; nagpapabago-bago ito depende sa lugar. Sa mga kawalan ng katiyakang ito lumalabas ang pagiging arbitraryo ng mismong panlipunan at legal na konsepto ng bastos at panlalapastangan.

Sa ganitong dinamiko, lumalabas na walang tiyak at obhektibong batayan upang ituring na opensa sa batas ang kaso nina Vice, Ion, at Luka. May pag-iilang-diwa sa konsepto ng kabastusan at kalapastanganan na may sistemikong pinagmumulan. Sa gayon, kung walang tiyak na pamantaya’y nagiging tendensiya ang palagiang pagbalik sa panlipunang konsepto ng normal, na may hindi patas na pagtingin sa mga taong kasapi ng LGBTQIA+. Ang kawalan ng katiyakang ito sa legal na aspektong ginagamit sa pagpapatupad ng batas ay, kung gayon, maaaring kasangkapanin at mapasukan ng homophobic o di-patas na pananaw tungo sa pamayanang LGBTQIA+.

Napatutunayan ang ganitong proble-matikong pagkilos at pagpapatupad ng batas kung susuriin ang hindi patas na pagpapataw ng parusa sa mga nauna nang nabanggit na sitwasyong kinasasangkutan ng ibang indibiduwal. Hindi kinondena ng MTRCB at ng ilang tao ang pag-gawang-biro ni Joey De Leon sa sensitibong usapin ng suicide, na isang nakababahalang usapin lalo na sa maraming kasong kaugnay nito sa panahon ngayon. Romantiko kung tingnan ang mga mature na eksena sa pagitan ng mga artista o magkasintahang babae at lalaki sa telebisyon, at hanggang paglalagay lamang ng pulang tatak na “SPG” ang ginagawa ng MTRCB sa mga ito. Hindi inaresto ng kapulisan at tiningnan bilang anyo ng entertainment lamang ang ibang taong sumayaw rin—nang hindi naka-drag at walang imahen ng queer—sa Ama Namin remix. Nagbibihis-santo o Hesus din ang ilang content creator kagaya ni Marlon Tapalord sa ilan niyang bidyo. Bagaman may ilang netizens na kumondena sa kanya, hindi umalma ang mga opisyal at walang legal na aspektong ipinataw sa kanya.

Sa mas madali o magaang reaksiyon ng batas sa mga sitwasyong nabanggit masasabing may aspekto itong hindi patas na nakabatay sa kasarian. Lumalabas na nag-iiba ang nibel ng tolerance ng lipunan at ng mga batas sa mga bagay ayon sa kung sino ang taong gumagawa nito. Nagiging guwang ang pagiging arbitraryo ng konsepto ng normal at tama upang lalong maging posible ang ganitong mapiling pagpapataw ng parusa sa ilang indibiduwal. Sa gayon, kasama ng iba pang salik, nagagamit ang pagpapatupad ng batas bilang dayag ng homophobia at di-makatarungang pananaw sa LGBTQIA+.

MULA NOON HANGGANG NGAYON

Hindi na bago ang mga sitwasyong kagaya nito para sa mga bahagi ng LGBTQIA+. Noon pa man, matagal nang nakadaranas ng di-pantay na pagtingin ang mga miyembro nito. Mahabang panahon nang may pagdepensa sa kanilang paraan ng pagpapahayag ng sarili. Patunay rito ang matagal nang suliranin ng diskriminasyon na nagmumula maging mismo sa tahanan—mga batang kinakailangang magpanggap at itago ang tunay na identidad upang hindi mapagalitan at makaranas



ng pang-aabuso; mga polisiya sa paaralan ukol sa gupit, damit pampaaralan, atbp. na walang espasyong inilalaan para sa mga nais baliin ang mga imaheng nakakulong lamang sa dikotomiya ng pagiging babae at lalaki; at pagtingin bilang kahibangan sa pag-iisang-dibdib ng dalawang di-heteroseksuwal na indibiduwal.

Palaging triple o higit pa ang hirap na kailangang danasin ng pamayanang LGBTQIA+ pagdating sa pagpapahayag ng sarili sapagkat palaging mas mababa ang nibel ng pagtingin at pagtanggap ng lipunan sa kanila. Patuloy na hamon din ang kaliwa't kanang pamumulis sa kanilang paraan ng pagpapahayag sa sarili at paggigiit ng espasyo sa lipunan. Bukod dito, usad-pagong din ang pag-apruba sa Sexual Orientation and Gender Identity Expression (SOGIE) Equality Bill na magbibigay proteksiyon sa lahat, hindi lamang sa mga bahagi ng LGBTQIA+, mula sa diskriminasyon at pang-aabusong nakabatay sa kasarian. Sa mga pagdinig hinggil dito, kita kung paano naghahalo ang ilang makikitid na mga ideolohiya at pananaw at homophobia ng ilan sa napakabagal na progreso ng panukalang ito.

Kitang mula noon pa man, walang bago para sa LGBTQIA+: kinakailangan palaging igapang ang kanilang pagpapakita at pagkilala sa sarili at suungin ang maraming hamong kaakibat nito.

MGA LINYA AT HANGGANAN

Malinaw sa usaping itong may pinipili ang batas at ang lipunan. At sa mga naturang sitwasyon, nagiging sukatan sa pagpiling ito ang di-patas at negatibong pagtingin sa mga taong bahagi ng pamayanang LGBTQIA+. Gumuguhit ng magkakaibang minimum line of tolerance ang lipunan sa mga bagay batay sa kasarian at sa halos lahat ng pagkakataon, palaging mas limitado ang hangganan ng mga guhit na ito para sa mga miyembro ng LGBTQIA+. Madalas sa hindi, hanggang sa simpleng magkasabay na pag-iral lamang sa mundo ang kayang maibigay ng lipunan sa kanila—walang tunay na pagtanggap sa kanila bilang normal na mga nilalang. At ang nakalulungkot na kinahantungan nina Vice, Ion, at Luka ay patunay sa kailangang danasin ng maraming bahagi ng LGBTQIA+ sa paglampas sa mga linyang tayo lang din bilang lipunan ang gumawa.

Mula rito, makikita kung paano nagiging hamon ang pagpapataw ng lipunan ng mga di-makatarungang hangganan sa LGBTQIA+ sa kanilang pagiigiit ng espasyo bilang mga indibiduwal sa lipunan. Kung kaya, mahalagang kilalanin ang problema sa ganitong uri ng pananaw at ang kahalagahan ng paghigit at pagbuwag ng ilan, bahagi man ng LGBTQIA+ o hindi, sa mga hangganang ito.

Sa ngayon, malaking lunsaran ang sining at medya sa ganitong layon. Malaking hakbang para sa pamayanan ang mga palabas katulad ng Drag Race Philippines at mga patok na Boys' Love (BL) series sa unti-unting pagnormalisa, gaya ng nararapat, ng lipunan na matunghayan at makita ang LGBTQIA+ bilang normal at karaniwang mga indibiduwal na umiiral nang kapantay ninuman. Kaya't kailangang makita kung paano nagiging balakid ang mga hakbang katulad ng sensura na kumikitil at humahadlang sa mga maliliit na hakbang na ito. Lagi't lagi, kinakailangan ang mapanghamong mga hakbang upang madaig ang heteronormatibo at limitadong konsepto ng lipunan sa kasarian at kung ano ang normal. Kung magpapatuloy ang pamumulis ng mga ahensiya at ilang mga tao sa ganitong mga hakbang na may paglampas sa mga hangganang ipinataw ng lipunan dahil lang hindi ito nakaayon sa nakasanayang konsepto ng normal o dahil may negatibong apela ito sa ilang grupo, hindi rin magkakaroon ng pagsulong sa pagtingin at pagtanggap ng publiko sa LGBTQIA+.

ANG BAKLA, BATAS, AT LIPUNAN NGAYON

Sa huli, sa pagkilala natin sa mga hindi pantay na hangganang ipinapataw ng lipunan sa maaari at 'di maaaring gawin o maging ng mga nasa pamayanang LGBTQIA+, ang pagbura sa mga di-pantay na linyang ito ang dapat nating tunguhin natin bilang lipunan. Hindi makatarungang abandunahin at antagonikong tingnan ng lipunan ang isang indibiduwal batay lamang sa kanyang identidad, higit lalo'ng husgahan at parusahan siya dahil lamang dito. Bilang suliraning may sistemikong ugat, kinakailangan ang kolektibong pasya para sa pagkilos tungo sa hangaring ito.

Bukod dito, dagdag-patunay ang kaso nina Vice, Ion, at Luka kung gaano kamapanganib ang pagkakaroon ng sistemang legal na hindi patas at makatarungan, at kumikilos nang nakabatay lamang sa mga esteryotipong matagal nang dapat binuwag. Ang pagtakbo ng ganitong bulok na panlipunang sistema ay banta hindi lamang sa pamayanang LGBTQIA+ kundi sa marami pang indibiduwal. Habang ito'y may pinipili at pinapaboran, patuloy rin itong may mamamarhinalisa nang dahil sa uri, estado, kasarian, at marami pang paghahati sa iba-ibang bagay.


Kinakailangang makitang hindi kailanman magiging kabawasan sa pagkatao ang kasariang taglay nito. Samakatuwid, hamon sa atin ang pagbuo ng isang mas mapagmahal at makatarungang sistema at lipunang para sa at mapagsasaluhan ng bawat isa. Sa kahuli-hulihan, tayong lahat ay tao lamang na hinulma mula sa pagmamahal at may karapatang mahalin at magmahal sa lahat ng pagkakataon nang 'di alintana kung sino o ano pa man tayo.



BIYAHENG PINOY

PAANO NA DUMADALOY?

SULAT NI: JUDD BANAS AT FRANCELEN MOLOD
DISENYO NI: NEIL OCAMPO



Kahit na ‘di gumagalaw ang trapik sa harap ng Ateneo, patuloy pa rin ang paglipas ng oras. “Wala na… wala nang pag-asang masolusyonan ‘tong traffic.” Ito ang sabi ni Mang Glenn Ehan, isang jeepney driver na walong taon nang pumapasada sa ruta ng Katipunan. Aniya’y matagal na problema na raw ang trapik sa lugar na ito, ngunit kung titgnan naman natin ang kasalukuyang kalagayan ng transportasyon ng bansa, mukhang ‘di lang trapik ang “matagal nang problema” at “wala nang pag-asang masolusyonan” - mayroong lumalalang krisis ng pampublikong transportasyon, pagtaas ng presyo ng langis, Jeepney phaseout, at iba pang mga suliraning nakakaapekto sa kalagayan ng Biyaheng Pinoy. Tatlong pangulo na ang nagdaan mula noong unang mamasada si Mang Glenn, ngunit gaano kalaki ba ang naging pagbabago sa kalagayan ng transportasyon ng bansa, matapos ang “Daang Matuwid” at “BuildBuildBuild”, at ngayo’y “Bagong Pilipinas” at “Build Better More” ng kasalukuyang administrasyon.

SAAN HAHANTONG ANG WALANG HANGGANG USAD-PAGONG?

Noon pa man ay malaking sigalot na sa buhay-kalsada ang problema sa trapiko. Sa tagal na ng suliraning ito’y tiyak sanay na ang mga Pinoy sa halos araw-araw na senaryo ng mga nagsisiksikang sasakyang animo’y sardinas sa daan. Naka-Lamborghini man o naka-taxi, naka-Mustang o nakabus lang, pare-parehong nagtitiis ang lahat sa mabagal na daloy ng trapiko, partikular na sa mga kalsadang inaasahan ang maramihang bugso ng mga sasakyan lalo na kapag rush hour na.

Ayon sa 2022 Urban Mobility Readiness Index, isa ang Metro Manila sa may pinakaproblematikong pampublikong transportasyon sa buong mundo. Kitang-kita ito sa maraming pangunahing daan lalo na sa mga siyudad. Sa Katipunan, halimbawa, ay talagang maluwat ang galaw ng trapiko lalo na kung oras ng pasukan. Bago pa pumatak ang alas syete ng umaga, inaasahan na ang pagbagal ng daloy ng trapiko kaya’t karaniwang madaling araw pa lang ay bumabyahe na ang mga estudyante’t manggagawa papunta sa kani-kaniyang mga paroroonan.

Kuwento ni Mang Glenn, “Kaya naiipit yung mga galing dito sa Katipunan tsaka Tandang Sora… ay dahil sa kapag pasukan na ‘yong Ateneo, pinapatay nila yung traffic light.” Ito ay dahil kung minsan, ang mga tauhan na mismo ng MMDA (Metropolitan Manila Development Authority) ang nagmamando sa kalsada, imbis na hayaang umasa ang mga drayber sa panenyas ng traffic lights. Subalit, giit ng mga tsuper, mas nakapagpapalala lamang daw ito ng problema sa trapiko. At para kay Mang Glenn, talagang wala na raw pag-asang maresolba itong suliranin sa kalsada at aniya, “Hindi ko na nga iniinda ‘yang traffiic na ‘yan kasi mula n’ong bumyahe ako, traffic na talaga dito…”

PAANO AARANGKADA ’PAG WALA NANG DYIP SA KALSADA

Mainit na isyu ngayon ang tungkol sa jeepney phaseout na sinasabi ng LTFRB (Land Transportation Franchising and Regulatory Board) na magaganap raw sa susunod na dalawa o tatlong taon. Sa pamamagitan ng pagmodernisa ng mga dyip at pagtuon ng pansin sa konsolidasyon ng industriya ay inaasahan ng gobyernong malulutas ang maraming problema sa sa usaping transportasyon. Subalit, bagamat nangangako ang gobyerno ng pinansyal na suporta sa mga drayber ng dyip kaugnay ng implementasyon nito ay tutol dito ang karamihan sa mga tsuper dahil nakikita nilang may mapaniil na intensyon ang gobyerno sa likod nito.

Kwento ni Mang Glenn, “Ang gusto nilang [gobyerno] mangyari, magpa-consolidate kami ngayon ng dyip. Eh magkano’ng bayad namin sa pagpa-consolidate? Sa membership pa lang namin, 14,000… bale, processing pa lang ‘yon, sa papel pa lang… kawawa naman kami.”

Gayunpaman, kahit anong reklamo ng mga tsuper ay napipilitan silang sumunod at magbayad sa gobyerno dahil sabi niya, “Tinatakot nila kami… Kapag hindi daw kami nagpa-consolidate, matatanggal na daw yung prangkisa namin.”

Batay sa salaysay ni Mang Glenn, papalitan daw ng gobyerno ang kanilang dyip subalit hindi na ito magiging kanila. Bagkus, magiging pag-aari raw ito ng gobyerno, at bibigyan na lamang sila ng porsyento sa kanilang kikitain. Sa ganitong sitwasyon, mas lalong liliit umano ang maiuuwing halaga ng mga tsuper kumpara sa kanilang kinikita ngayon.

“Mula noon pinangarap kong magkaroon ng dyip. Sabi ko n’on, kung makukuha ko ang dyip na ‘to, mapapag-aral ko ng mabuti yung anak ko… pero ngayon parang nagdadalawang-isip ako kung itutuloy ko pa ba ‘to kasi laging ganyan. Parang hindi ko alam kung hanggang

saan talaga mapupunta yung mga dyip… kung sa'n kami pupulutin," saad ni Mang Glenn.

PROBLEMATIKONG KALYESERYE: MAPAPAMURA KA SA PAGMAMAHAL

Isa pang suliraning pikit-matang tinatanggap na lamang ng masa ngayon ay ang patuloy na pagmahal ng pamasahe. Kakabit ng laging nagbabadyang pagtaas ng presyo ng mga produktong gaya ng langis, talagang hindi ito maiiwasan lalo't ikalulugi naman ng mga namamasada ng pampublikong sasakyan kung hindi magmamahal ang kanilang singil. Gayunpaman, sa bawat pisong dagda sa pamasahe ay isang malaking pasanin ito para sa mga commuter na araw-araw kailangang bumiyahe. Sa ngayon, ang minimum fare ay umabot na ng trese, at onse naman para sa mga may diskwento.

"Kahit kami… ang pamilya namin nagkokomyut din 'yan kaya pati kami (mga tsuper) naaapektuhan din talaga," hayag ni Mang Glenn.

Maliban sa pagmahal ng pamasahe, nagdudulot din ang problema sa transportasyon ng pagtaas ng presyo ng produktong hinahakot sa loob at labas ng bansa. Ipinaliwanag ni Jarius Bondoc sa isang artikulo sa The Philippine Star na dahil sa kahirapan sa pag-transport ng mga produkto dulot ng monopolyo, kakulangan sa modernisasyon ng mga sasakyan/pasilidad, pagmahal ng gastos sa langis, mabagal sa operasyon sa mga daungan, pagkaantalang dulot ng checkpoints, atbp., ay tumataas ang presyo ng pagkain sa bansa. Ipinapakita nito ang mistulang domino effect ng serye ng mga problemang dulot kung sa sistema pa lamang ng transportasyon ay palyado na. Imbes na makamura ay mapapamura ka na lang talaga.

'INTRA-MIGRATION' AT PANANAYUHAN SA SARILING BAYAN

Kapansin-pansing naging bahagi na ng Biyaheng Pinoy ang kultura ng pagluwas ng probinsya sa pag-asang makahanap ng mas magandang oportunidad at maiangat ang sariling estado ng pamumuhay. Ayon sa International Organization for Migration, isang pangunahing dahilan ng internal migration sa bansa ang kahirapan sa kanayunan. Makikita rin sa datos ng Philippine Statistics Authority (2018) na 22.7% ng migrasyon ng mga Pinoy ay inter-regional, at sa CALABARZON at NCR ang karaniwang destinasyon ng mga ito.

Para kay Marwah Muti, mag-aaral sa Pamantasang Ateneo de Manila, "My main reason for choosing to study in Manila is… it'd be cheaper than studying near my hometown, which is in Mindanao. My scholarship at my current university covers all my expenses, from the tuition to the monthly allowance." Batid dito ang kakulangan ng oportunidad na magkaroon ng kalidad at libreng edukasyon sa mga probinsya na kadalasan ay sa mga lungsod lamang kagaya ng Metro Manila matatamo.

Ayon naman sa University of the Philippines Population Institute (UPPI) nananatiling ekonomikal ang usapan ng pananayuhan sa sariling bayan. Maraming tumutungo sa mga urbanisadong bayan, ngunit hindi naman permanente ang pamamalagi nila rito. Naitala sa National Migration Survey (2018) na 40.1% lamang ng mga migrante ang permanenteng namamalagi sa nilipatang bayan. "Kung papipiliin ako, uuwi talaga ako sa amin, kesa manirahan dito sa Maynila. Nandito lang ako para sa trabaho, kaso mahirap talagang umuwi lalo na't mahal umuwi," sabi ng isang Grab Taxi driver matapos niyang maikwento na tatlong taon na siyang hindi nakakauwi sa Bayugan (Mindanao).

Ayon naman kay Gaile Yuag, mag-aaral din sa Ateneo, kung maaaari lamang ay uuwi siya sa kanilang probinsya buwan-buwan subalit sadyang hadlang talaga ang mahal na pamasahe, lalo't hindi sapat ang transportasyon sa lupa upang lakbayin ang ating kapuluan. Aniya, kinakailangang planuhin ang biyahe dahil ang P1,800 na pamasahe ay nagiging P5,000 daw tuwing peak season.

Kamakailan lamang, binago ng Civil Aeronautics Board (CAB) ang passenger fuel surcharge matrix upang tugunan ang patuloy na pagtaas ng presyo ng langis sa pandaigdigang merkado. Sa bagong surcharge matrix, may dagdag P219 to P739 sa pamasahe ng bawat pasaherong bumabyahe sa buwan ng Oktubre at Nobyembre.



'INTRA-MIGRATION' AT PANANAYUHAN SA SARILING BAYAN

Sa kabilang dako naman ng panlipunang uri, may mga 'urbanites' kung tawagin o mga taga-lungsod, o mga dayuhang piniling permanenteng mamalagi sa kanayunan. Ayon kay Thomas Orbos, isang transport policy advisor, dulot ng rural migration ay kapansin-pansin ang pagdami ng mga tinatayong bahay sa mga probinsya ng Pampanga, Tarlac, at malalayong probinsya sa Mindanao, tulad ng Surigao, na dati'y tahimik o halos walang nakatira. Naging patok ito lalo na sa mga artista at kilalang indibidwal sa kasagsagan ng COVID-19 lockdowns, kung kailan mas naging madali ang pagbili ng lupa sa kanayunan. Mapapansin din na ang pangunahing dahilan ng paglipat sa mga probinsya ay ang pagtakas mula sa gulo at ingay ng Metro Manila at ang pagtamasa ng mapayapang pamumuhay sa probinsya. Ngunit, ang pagdating ng mga 'dayuhan' sa mga bayang ito ay maaaring magdulot ng kawalan ng oportunidad sa mga lokal, gaya ng trabaho, espasyo para sa mga tirahan, at pagtaas ng presyo ng mga bilihin, sapagkat okupado na ng mga dayuhan ang sentro ng bayan at napipilitan ang mga lokal na umalis sa kanilang sariling komunidad.

'Di rin maikukubli na malaki ang nagiging impluwensya ng mga nasabing 'dayuhan' sa pag-unawa ng kalakhan ng populasyon sa kung ano talaga ang 'buhay-probinsya'. Maaaring maromantisa ang pagtira sa probinsya, at hindi na mabibigyang-diin ang mga problemang kinakaharap ng mga lokal at ang kanilang mga ginagawang pakikibaka.

MAGTITIWALA KAYA SA MAYHAWAK NG MANIBELA?

Bilang tugon sa mga suliraning kinakaharap sa pambansang sistema ng transportasyon ngayon, nangako si PBBM na itataguyod ng gobyerno ang pagkakaroon ng mas maraming proyekto sa pampublikong transportasyon. Isa sa mga ito ay ang kasalukuyang nagaganap na South Commuter Railway Project na syang ayon kay Ahmed M. Saeed, Asian Development Bank Vice-President for East Asia, Southeast Asia, and the Pacific, ay ang pinakamalaking infrastructure investment ng ADB. Nagbibigay din ng pinansyal na suporta ang Japan International Cooperation Agency (JICA) para sa proyektong ito na naglalayong magtayo ng 56.4-km Blumentritt-Calamba na seksyon ng North-South Commuter Railway na kokonekta sa Metro Manila at Laguna. Sa partikular na proyektong ito lamang, 1.87 bilyong dolyar ang kabuuang pondong inilatag, na sana'y mapunta sa pagpapaayos ng byahe't pasada at hindi sa kung kani-kaninong bulsa. Inaasahang ang pagkakaroon ng mga proyetong gaya nito ay makatutulong sa mga komyuter pati na sa pagpapagaan ng daloy ng trapiko. Gayunpaman, mahirap sumugal at paasahin ang sarili… nangyari na ito dati.

Sa ilalim ng bagong Pilipinas, ano kaya ang mararating ng nasyong problematiko ang mismong sistema ng transportasyon? Noon pa man hanggang ngayon, nananatili ang mga problema sa kalsadang 'di matapos-tapos. Laging kapos o naghihikahos, laging may dilemang 'di maayos-ayos. Nag-iiba man ang ihip ng panahon, maraming nangyayari't parating may hamon, laging may kabiguan sa likod ng pag-asang "there's a light at the end of the tunnel," habang patuloy nating sinasakyan ang sistemang minamaneho ng ating gobyerno. Ang sabi ni Mang Glenn, "Gobyerno 'yan eh. 'Yan ang talagang humahawak, wala tayong magagawa, talagang wala…"

Subalit, gaano ba kabagal ang ating pag-usad at 'di pa rin natin marating-rating ang liwanag? At kung sila ang patuloy na aakay, hanggang kailan at hanggang saan tayo dadalhin nitong walang katiyakang paglalakbay? Ikaw… mananatili ka lamang bang nakasakay?



KUHA NI:
REINE BRIOSO

Love the Philippines...
Siguro sa mga mayayaman at dayuhan
na dahilan ng kahirapan at kagutuman.
Sundalong utusan, private army, bayad na parak,
para mang-angkin ng yaman, sa rali't pinaglalaban,
mangwasak.

Love the Philippines, sige!
Pero ubos na ang pagmamahal,
saan ko hahanapin ang sa akin ay hindi binigay?
Ang yaman nito'y 'di umaabot kahit latak.
Ubos na kami, kahit luha'y 'di na pumapatak.

Love the Philippines, sige!
Tignan natin kung turismo ang rebolusyon na
nagaganap at magaganap.
Pumapaimbulog ang nasa laylayan,
dala-dala ang pangarap na nawasak,
ang mga bubog na ito'y mas mahalaga kaysa
ginto o pilak.

Love the Philippines.
Bubuuin ang nawala't nawasak.
Ang kinang ng perlas ang liwanag.
Pag-asa'y pilit kinakamtan
sa kasaysayan na hindi kakalimutan.

Love the Philippines!
Iyan ang sinasabi sa sarili, nagpapainit sa gabi't,
nagpapatuloy sa umaga.
Sa salita't aksyon na makikita,
buhay ang laban, buhay ang Pilipino, ang kaluluwang-
rebolusyonaryo'y 'di nawawasak.
Ang dugong dumadaloy, kahit tumagas ay kulay rosas
na busilak.

JLOVE RIVERA





Mabuhay,
salamat sa pagsama
sa biyaheng ginto!

But wait there's more!
Pakikuha ang iyong ticket
para sa susunod na estasyon!

MATA LINER, INC.

Silid MVP 201-202, Manuel V. Pangilinan Center for Student Leadership Ateneo de Manila University, Loyola Heights, Quezon City 1108, Metro Manila

BUS NO				DATE	TIME			
2023				JAN	A.M.		P.M.	
				FEB				
0	0	0	0	MAR	HOUR			
1	1	1	1	APR	1	4	7	10
2	2	2	2	MAY	2	5	8	11
3	3	3	3	JUN	3	6	9	12
4	4	4	4	JUL	MIN			
5	5	5	5	AUG	05	10	15	
6	6	6	6	SEP	20	30	45	
7	7	7	7	OCT	45	50	55	
8	8	8	8	NOV	M23	22	23	26
9	9	9	9	DEC		24	25	

CC	EXP	ORD	FR	NGL	IJBOL

112423 ML '75

KILOMETER POST NO					
FROM			TO		
0	9	0	0	9	0
1	8	1	1	8	1
2	7	2	2	7	2
3	6	3	3	6	3
4	5	4	4	5	4
5	4	5	5	4	5
6	3	6	6	3	6
7	2	7	7	2	7
8	1	8	8	1	8
9	0	9	9	0	9

PESOS			CTVS	
100	10	1	50	05
200	20	2	60	10
300	30	3	70	20
400	40	4	80	30
500	50	5	90	40
	60	6		
	70	7		
	80	8		
		9		



READY KA NA BA SA TOUR?